LIBRARY
JUL 23 1968

Inang Wika

MÁGASÍNG PAMPÁARALÁN

(Approved for General Reading and Reference in the Secondary and Elementary Schools by the Bureau of Education)

Approved for use as supplementary material by the Office of Private Education.

MANUEL L. QUEZON
Amá ng Wikang Pambansá

Taón IV, Blg. 2 Agosto, 1948 30 séntimós

PANGULONG MANUEL L. QUEZON *

V. G. SUAREZ
Bureau of Private Schools

Ikalabinsiyám ng buwáng Agosto'y
araw na dakilà
Darakilang araw, sapagká't sa Balér
ay itinadhanang
Isilang ang sanggól na pinagtipunàn
ng mga bathalà
Ng dangál, ng buti't mga katángiang
bihirang-bihirà;
Bituing sumikat sa gabíng nagdilím
sa sinintáng Lupà
Na nang mag-umaga't ulap ay maglaho'y
nagningníng na Talà;
Lumakíng sa puso'y pagsuyong dalisay,
wagás na paghangà
Sa bayang inibig ang itinítibók
nang buóng-payapà;
Lumakíng sa isip, ang agád nákintál
na larawang-diwà
Ay bansáng sa kanyáng sariling táhana'y
malayang-malayà.

———«»———

Sa dukháng kandungan
ng namímighatíng Ináng Pilipinas,
Mandí'y kapalarang
sadyáng inihulog upáng magíng lunas;
Sa iwing talino'y
madalíng nasisid ang paglayang-perlas
Sa nag-alimpuyóng
laot ng dálitâ at dusang dinanas;
Bayaning kay-agang
bumangon sa dilím upáng makilamas,
Dî lamang sa tapang
sa pananandata, magíng sa panulat
At pananalitá'y
kawal na tumayô nang nápakaagap,
Upáng kaipala'y
bayaning málugmók bago magliwanag;
Sa ngalan ng baya't
ng pagsasarilí'y tumawíd ng dagat
Upáng kaipala'y
mábalík na butóng balót ng watawat.

MGA NILALAMAN **Páhiná**

Kuwento:

Kahili-hilì 42
Nagkámalî si Berto 45
Karángalang Ibábangon 47
Pumaít na Ligaya 50
Bakit Kayâ 51

Liham:

Mula sa Isáng Pilipino sa Amériká 53

Talambuhay:

Marcelo H. del Pilar 56
Manuel L. Quezon 59

Dulà;

Sa Tindahan ni Tandáng Sora 63

Lathálain;

Mga Súliranín ng Pagsulat sa Wikang Pilipino 65
Panalinghagaang Tagalog 68
Graded Unit Plans 71

Tulâ;

Ang Bulâ 75
Ulán 76
Pagka-matápatin 77
Si Quezon at ang Wikang Pambansá 78

KAHILI-HILI

FELICIDAD A. GUINTO
City of Cavite

Si Edgardo ay isáng batang ulila na sa iná at may gulang na humagít-kumulang sa labintatlóng taón. Siyá'y maliít pang batà nang maiwan ng kaniyáng iná kung kayá't walâ siyáng mátatandaán tungkól dito. Hindî namán nagluwát at ang kaniyáng amáng si Mang Delio ay nakapag-asawa sa isáng nagngángalang Luisa.

Sa simulâ pa, si Edgardo'y apíapihan ng kaniyáng ale. Itó'y lalò pang lumubhâ nang itóng hulí ay magkaroón na ng kaniyáng sariling anák. Waláng muntíng pagkakásalang nágawâ si Edgardo na hindî nilálapatan ng parusa.

Si Mang Delio namán kahit na may malakíng pagmamahál sa kaniyáng anák sa unang asawa ay walâ ring magawâ. Ang kaniyáng pagka-manggagawà sa mga pakyawang págawaán ay nag-áatas sa kaniya ng dî pag-uwî ng bahay araw-araw. Itó rin namán ang nagbíbigáy-daan kay Aling Luisa sa malabis na pagmamalupít kay Edgardo.

Magíng ang pag-aaral ni Edgardo kung gabí na dapat na sana niyáng ipagpahingá sa mga gáwaing-bahay ay ginágambalà pa ng mga pabulyáw na pag-uutos ng kaniyáng ale. Gayunpamán, dahil sa katutubong talino ng batà, siyá pa rin ang laging nakatátaás sa kaniyáng klase.

Isáng araw, ang gurò ni Edgardo ay nagbigáy ng babalâ: "Ang lahát ng nagsísipag-aral na hindî pa nakabábayad sa mga pagkakautang sa páaralán ay hindî pahíhintulutang kumuha ng pagsusulit." Itó'y gumambalà sa isip ni Edgardo. Paano niyá itó malúlutás?

Kinágabihán noón ay siyá namáng pagdatíng buhat sa ibáng bayan ng kaniyáng amá. Malungkót siyáng lumapit at nagsabi, "Tatay, kamí po'y binigyán ng babalâ tungkól sa aming utang sa páaralán. Hindî raw pô kamí pápayagang kumuha ng pagsusulit kung hindî kamí makabábayad sa madalíng panahón."

Sumagót agád si Aling Luisa, "At paano kayâ ang mangyáyari sa atin? Nápakaliít ng sinásahod ng amá mo. Sa halíp na tayo'y makaipon ng kauntî ay ibayong paggugol pa ang nangyáyari. Bukód dito'y bakâ hindî na tayo makasunód sa pag-aaral ni Ruben (Itó'y kapatíd ni Edgardo sa hu-

lí.) Tangì pa sa roón, ikáw namán ay marunong na, anó ba namán at mag-áaral ka pa?"

Hindî na tumutol si Edgardo at hindî namán nagpahalatâ ng anumán si Mang Delio. Tinapos ang sálitaan sa, "Hayaan mo, Anák, at pag-áaralan ko ang bagay na itó."

Si Edgardo ay natulog nang balisá nang gabíng iyón. "Makapag-áaral pa kayâ akó?" ang tanóng sa sarili.

Madilim-dilím pa nang siyá'y mágisíng. Sinimulán agád ang kaniyáng araw-araw na gáwain. Pagkatapos ay naghandâ na sa pagpasok at nagpaalam na. Habang daán ay waláng nasa-isip kundî ang kaniyáng súliranín.

Hindî pa siyá natátagalán sa looban ng páralán nang dumatíng si G. Brown, isáng Amerikanong matagál nang nanínirahan sa Pilipinas. Iyó'y dating kilalá ni Edgardo kung kayá't siyá'y lumapit agád at nagbigáy-galang, "Magandáng umaga pô, G. Brown. Mayroón pô ba akóng maipaglílingkód sa inyó?"

Nagágalák namáng tumugón si G. Brown, "Magandáng umaga namán. Maitúturò mo ba sa akin ang tanggapan ng punong-gurò?" At dalí-dalî namán niyáng inihatíd ang Amerikano sa tanggapan.

Sa madalíng sabi, nábatíd ng punong-gurò ang hangád ng Amerikano. Siyá'y matandâ na at walâ na siyáng hangád na umuwî pa sa Amériká. Sa kaniyá ay pinakamasayáng bahagi ng buhay ang dinanas niyá rito. Lubós niyáng nakagiliwan ang pakikisama sa kaniyá ng mga kapitbahay na pilipino. Itó'y napatunayan niyá nang siyá'y mákulóng ng mga Hapón noóng nagdaáng digmaan. Upáng siyá'y makagantí ng utang na loób, ipinasyá niyáng ang isáng bahagi ng kaniyáng kayamanan ay ilaán sa pagpapaaral hanggáng matapos ang karunungang maibigan sa isáng batang matalino, mabaít at karapat-dapat sa ganitóng pagkakátaón. Itó'y magsísimulâ sa sandalíng mábatíd kung sino ang mapalad na tútugón sa lahát ng katángiang kinákailangan.

Hindî mailarawan ang kagálakan ng punong-gurò sá náriníg niyá. Labís-labis ang pasasalamat na ipinaabót niyá kay G. Brown. Agád siyáng kumilos. Sa tulong ng mga gurong may-kinálaman sa pagtuturò sa mga batang nasa-ika-6 na baitang, pinilì nilá ang pinakamahusay, pinakamarunong at mabaít. Binigyán silá ng mahigpít at másinsinang pagsubok na lingíd sa kaniláng kaalamán ang kahulugán at láyunin nitó.

Ang násambít na lamang sa sarili ni Edgardo, "Kahimanawarî ang ibinigáy na itó sa amin ay makatulong sa aking mga pag-aaral."

Ang kinálabasán ng pagsubok ay ipinabatíd agád kay G. Brown. Si Edgardo ang nagtamó ng pinakamataás na markâ. Ang náwikà ng Amerikano, "Hindî akó nagtátaká. Siyá ang akíng ináasahan. Kilalá ko ang batang iyán. Nákikita ko ang kaniyáng mga kilos. Kung gayón ay sa kaniyá natin ibíbigáy ang biyayà."

Ang násabing pasyá ay hindî namán ibinunyág agád. Naghintáy pa ng mabuting pagkakátaón

upáng lalong magíng makasaysayan. Sa loób ng panahóng iyón, ang súluranín namán ni Edgardo ay laging nasa-isip niyá. Hindî niyá matalós kung siyá'y papag-áaralin pa. Sumapít ang kalahatian ng Agosto na waláng liwanag siyáng nákikita. Ayaw namán niyáng ulitin itó sa kaniyáng amá sa pangambáng bakâ itó'y pagkagalitán na namán ng mag-asawa.

Ang sumunód na araw ay ika-19 ng Agosto, araw ng kapanganakan sa yumaong Pangulong Quezon. Sa palátuntunang idinaos sa líwasang-bayan dahil sa pagpaparangál sa araw na itó ay isinalít ang pagpapahayag sa malakíng kapalarang tinamó ni Edgardo. Lubós na náguiat ang mga tao sa lakí ng halagáng ipinagkákaloób sa kaniyá. Marami rin namán ang nanánaghilì.

Si Edgardo na noó'y isá sa mga nakíkiníg ay parang namalikmatà. Hindî niyá maubos-maisip ang kaniyáng kapalaran. Ang násambít na lamang sa sarilî, "salamat at akó'y makapag-áaral din. Kasama na rin akó ng líbu-libong mga Pilipinong natútuwâ at nagdiriwang sa araw na itó."

Talásalitaan:

pabulyáw na pag-uutos — harsh command
talino— intelligence
babalâ — warning
súliranín — problem
másinsinang pagsubok — comprehensive test
lingíd — without the knowledge of
palátuntunan — program
tinamó — received
nanánaghilì — envying

Mga tulong sa pag-aaral:

1. Si Edgardo ay walâ nang _____.
2. Ang amá niyá ay isáng _____.
3. Ang ikalawáng asawa niyá ay si _____.
4. Ang ale ni Edgardo ay _____ kay Edgardo.
5. Ang kapatíd ni Edgardo ay si _____.
6. Ang magpápaaral kay Edgardo ay si _____.
7. Ang Amerikanong itó ay may malakíng utang na loób sa kaniyáng mga kaibigang Pilipino.

NAGKAMALI SI BERTO

AUREA JIMENEZ SANTIAGO
Dr. A. Albert Elem. School

Sa lahát ng mga batang nagáaral sa ikalimáng baitang ay namúmukód si Berto, si Eriberto Talino. Gaya ng kanîyáng apelyido ay matalino siyá, madalíng makáisip ng tumpák na kaságutan sa bawa't itanóng ng gurò. Palaarál siyá kayá't kahit walâ sa aklát ang katánungan, iyóng tinátawag na *practical*, o tanóng na humîhingî ng sagót na natátagpuán sa karanasán ng isáng nilikhâ, ay madalíng masagót ni Berto. Kayâ humáhangà sa kaniyá ang mga gurò at patí ang lahát ng mga kasamahán.

Madalás tulóy na siyá ang naáatasan ng mga gáwaing dapat gawín ng isáng gurò. Sa mga palátuntunan ay siyá ang laging namúmunò. Magíng sa hárapan ay pinapúpurihan siyá ng mga gurò.

"Lálabasán iyáng si Eriberto Talino," ang násasabi ng bawa't gurong nagtúturò sa kaniyá.

"Talagáng mahusay si Berto," ang náwiwikà namán ng kaniyáng mga kaklase.

Ang ganitóng mga papuri ay nagdulot ng ibáng damdamin kay Berto. Sa halíp na magíng maingat sa pananalîtâ, siyá ay nagíng mayabáng at mámumulà. Para sa kaniyá ay siyá ang pinakamahusay, higít na nakaúunawà kaysá ibá at patí mga gurò ay pinápansín niyá. Mapaghanáp ng kamálian sa bawa't gawín ng kaharáp. Tila siyá na ang laging nasa-matuwíd.

"Umulán sana ng salapî," ang náwikà ni Berto sa sarili isáng araw, "kung úulán ng salapî ay hindî na áalís áng aking nanay upáng maghatíd ng labada. Ako ay makapagpápatuloy ng pag-aaral at magiging duktór. Hindî na mag-áalala ang nanay ko ng gúgugulin sa akin. Akó pang matalíno ang anák ng mahirap samantalang si Joseng lakwatsero ang anák ng mayaman. Hindî kayâ itó kamálian ng Diyós?"

Nakalipas ang mahabang sandalî.

Mayâ-mayá'y bigláng may mga butil na náriníg niyáng lumagpák sa bubungán. Matutunóg ang mga lumálagpák na iyón. Tila pa mabibigát. Dumungaw siyá sa bintanà. Nákita niyáng nagkákandarapà ang kaniyáng mga kapitbahay sa pagpanaog.

"Bakit?" ang tanóng niyá.

"Umúulán ng salapî," ang tugón ng mga nagmámadalíng tao.

Mayroóng may daláng batyâ. Mayroóng may daláng sako at ang ibá ay may daláng palanggana. Isinásahod nilá ang mga lalagyáng itó sa salapíng kitang-kita ni Berto na nanggágaling sa itaás. Madalî siyáng nanaog. Dalá niyá ang batyâ ng kaniyáng ináng pinaglálabhán ng damít. Isinahod niyá sa alulod na nasa-sibi nilá. Hindî siyá makalabás ng lansangan pagká't ang mga tao ay naggígitgitan. Sa kaniláng bakuran lamang ay labis na siyáng makasahod. Madalíng napunô ang batyâ. Itinulak na lamang niyá itó pagká't hindî madalá sa kabigatán. Kumuha namán siyá ng bangâ. Humintô ang pag-ulán ng salapî at anóng-galak ni Berto sa rami ng kaniyáng nasahod!

"Hindî na kamí mahirap ngayón," ang wikà niyá sa sarili. "Pag datíng ng nanay ko ay matútuwâ siyá. Hindî na siyá maglálabá. Marami na kamíng kuwaltáng magugugol.

Náramdamán niyáng nagúgutom siyá. Nagdalá siyá ng maraming salapî upáng bumilí ng pagkain. Nguni't nang dumatíng siyá sa tindahan ay nakapinid na iyón. Tumuktók siyá ay waláng nagbukás. Naparoón namán siyá sa pámilihan. Walâ ring nagtítindá. Ulilang-ulila ang palengke. Ang nároroón lamang ay ang mga hayop na nangínginain. Maraming aso at baboy na naggalâ at kumákain ng mga dumí sa básurahán.

Nakákita si Berto ng pulís.

"Walâ pô bang tindá ngayón?" ang magalang na tanóng niyá sa alagád ng batás.

"Nagsará ang mga tindera," ang sagót ng pulís, "hindî mo ba nábabatíd na umulán ng salapî? Ngayóng maraming salapî ang mga tao ay hindî na nakaíisip magtindá pagká't kayâ silá nagtítindá ay upáng kumita ngâ ng salapî."

Umuwî si Bertong gutóm na gutóm. Walâ siyáng mabiling pagkain. Patí si Aling Nena na nagtítindá ng puto at ginatán ay walâ na roón. Natútulog daw ang matandâ, ayon sa anák.

"Kung hindî umulán ng salapî ay maraming mabíbilí sa pamilihan," ang náibulóng ni Berto.

Nagsisi siyá. Ngayón niyá nábatíd kung bakit hindî ginawâ ng Diyós na pawang mayayaman ang lahát ng tao. Ngayón niyá nátantóng kung ang lahát ay maraming salapî ay walâ ng magháhanapbuhay. Ang lahát ay tamád at magtútulóg na lamang sa bahay. Hindî rin líligaya ang mga tao.

"Maalam ngâ palá sa lahát ang Mahál na Diyós," ang bulóng ni Berto, "akó palá ang nagkámalî"

"Berto....Berto.... gising na, nakahain na," ang wikà ng iná ni Berto, sabay yugyóg sa balikat ng anák.

Námulát si Berto. Kinusót niyá ang kaniyáng mga matá. Tiningnán ang batyâ at bangâ na akalà niyá ay punô ng salapî. Nákita niyáng nasa-batalán iyón at punô ng tubig.

"Salamat, nanaginip palá lamang akó," ang náwikà niyá at masayáng lumabás upáng maghapunan.

KARANGALANG IBABANGON

DOLORES T. DUNGO
Bureau of Public Schools

Dalawáng batang babae ang kápuwâ híhikbí-hikbî at sísinghút-singhót na nagpápahid ng luhà sa loób ng silíd-tanggapan ng punong-gurò. Kápuwâ guló ang kaniláng buhók, at kápuwâ rin may punit ang kaniláng barò.

"Hindî ba kayó nahíhiyâ sa inyóng ginawâ? Mga dalagita na kayó, at nasa-unang antás na ng háiskul, ay akalain ko bang magsábunután daw kayó at maglaban na animo'y mga batang muntî," ang banayad nguni't mariíng bukás ng prinsipál.

Lalong dumalás ang hikbî at singhót ng dalawá. Nápuna ni Gng. Reynaldo na kung anó ang kisig at gandá ng kasuután ng una ay siyá namáng kaabaán ng kabihisán ng ikalawá.

"Kápuwâ ninyóináangkín ang pontimpéng itó?" ang tanóng ng punong-gurò habang piñag-áaralan kung sino sa dalawá ang nagbúbulaan.

"Opò!" ang halos ay panabáy na sagót ng dalawá, sabáy taás ng ulo at titig sa nagtanóng.

"Iisáng pontimpén nguni't dalawá ang may-arì! Magsabi kayó ng totoó, sapagká't akin din lamang málalaman ang katotohanan. Sino ang tunay na may-arì nitó?"

"Akó pô! ang malakás at halos ay panabáy na namáng sagót ng dalawáng batà.

Nápakagát-labì si Gng. Reynaldo. Mahirap piliin ang nagbúbulaan.

"Anó ang taták ng pontimpén mo, Nenita? Kailán at magkano mo binilí?" ang tanóng ng gurò sa bihís na bihís na batang babae.

"*Writewell* pô. Hindî ko pô binilí. Bigáy pô sa akin iyán ng aking Mamá noóng kaarawán ko. May isáng buwán pô lamang iyán sa akin, kayâ bagung-bago pa.

Minasdán ni Gng. Reynaldo ang pluma at sakâ tátangú-tangô niyáng tinanóng ang may sulsihang damít at nakabakyâ lamang na pudpód na si Melba.

"*Writewell* pô ang aking pluma. Iyán pong hawak ninyó, at iyán ay tunay na akin. Bínilí ko pô iyán bago nagbukás ang páaralán," ang banayad nguni't tuluy-tulóy na sagót ni Melba.

"At magkano mo binayaran?"

"Walóng piso pô!" ang mabilís na sagót ni Melba.

Mulíng hinagod ng tingín ni Gng. Reynaldo ang sulsihang damít at bakyáng pudpód ni Melba at madalang niyáng inulit ang, "Walóng piso! Walóng piso wikà mo ang iyóng ibinayad?"

"Opò, talagá pong walóng piso!" ang sambót ni Melba.

Sandalíng natigilan ang punong-gurò. Siyá ay nag-isip,

"Hindî ba't diyán ka lamang nakatirá sa may likurán ng ating páaralán?"

"Opò, doón pô sa barungbarong na iyón," ang sabáy tayô at turò sa isáng maliít na kubong yarì sa takpî-takpíng kahón ng gaás at yerong kálawangín, sa tabí ng bakuran ng páaralán.

"Pedro," ang tawag ng prinsipál sa diyánitor. Sunduín mo lamang sandalî ang iná ni Melba. Sabihin mong nais ko lamang siláng makausap sandalî. Abá, itanóng mo na palá lamang kung binigyán ngâ nilá ng walóng pisong pambilí ng pontimpén ang kaniláng anák na si Melba," ang utos ng punong-gurò. "Hayún ang kaniláng bahay . . ."

"Abá, hindî pô alám ng Nanay kong bumilí akó ng pontimpén!" ang putol ni Melba.

"Hindî alám? Eh, saán mo kinuha ang walóng pisong ibinayad mo?" ang pagalít nang usisà ng prinsipál.

"Akin pong perang natítipon iyón!" ang mahinang sagót ni Melba.

Nanlakí ang mga matá ng prinsipál. "Melba, magsabi ka ng totoó. Nápulot mo marahil ang pontimpéng itó, hindî ba?"

"Hindî pô! Binilí ko pô iyán!"

Mulíng natigilan ang prinsipál.

"Ikáw, Nenita, kung ipatawag ko ba ang iyóng iná ay patunayan kayâ niyáng pontimpén mo ngâ itó?"

"Abá, opò. Kahi't pô ipasundô rin ninyó," ang sagót ni Nenitang may salíw pang irap kay Melba. "Talagá namáng bigáy sa akin ng Mama ko iyan eh," ang pabulóng pang buntót niyá.

Marami pang mga itinanóng ang punong-gurò at lalong nagibayo ang panininiwalà niyáng si Nenita ngâ ang tunay na may-arì, nang umíiyák na namanhík si Melba na huwág lamang ipaalam sa kaniyáng ináng siyá'y bumilí ng halagáng walóng pisong pontimpén.

"Magágalit pô ang Nanay ko! Akó'y pápaluin, sapagká't sásabihin niyá'y kung bakit hindî pa barò o sapatos ang aking binilí."

"O, ay iyón din ang aking nais itanóng. Bakit inuna mo pang bilhín ang pontimpén kaysá sa sapatos?"

"Sapagká't makapápasok pô akó ng nakabakyâ, nguni't talagáng gustó kang magkaroón ng aking sariling pluma."

Hindî naniwalà ang punong-gurò.

Nang bumalík ang dalawáng batang babae sa kaniláng silíd-aralán ay nakangitî na si Nenita sapagká't hawak-hawak niyá ang pluma. Samantala'y umíiyák naman si Melba.

Ang dalawá ay sinalubong ng mga nanánabik na mga kamagaarál ng mga tingín na lamang sapagká't kasalukuyang may ipinalíliwanag ang kaniláng gurò nang siyá ay pumasok nang sandalíng yaón.

At nang mákita niláng si Nenita ang may dalá ng pluma ay may nagkindatan, may nagkalabitan, at may nag-ismiran. Pagkatapos pa ng klase ay may sari-saring mga búlungan at táwanang patungkól kay Melba, na nag-angkín daw ng isáng bagay na hindî kaniyá.

"Talagá namáng binilí ko iyón eh!" ang may kasalíw na mga hikbíng ulit-ulit ni Melba. Subalít máliban sa mga lihim na kindatan ay walâ yatang sínumáng umáayon o nakíkiramay sa kaniyáng kalungkutan.

Nag-úuwián ang mga mag-aarál, at habang daán ay patuloy pa ang kaniláng pagpapálitan ng mga pintás kay Melba. Itó namán ay umuwíng nag-íisá at waláng kasabáy.

Nang dumatíng ng bahay si Nenita ay patakbó niyáng hinanap ang kaniyáng iná. "Nakú, Nanay, alám ninyó ay ..."

Nguni't ang kaniyáng pagbabalità ay pinutol ng kaniyáng iná.

"Abá, Nenita! Kamuntík nang mawalâ ang pontimpén mo. Sukat mo bang iwanang kákalat-kalat sa sahíg! Pinaglaruán ni Totoy at ipinagsasaksák sa tablá!"

"Mabuti na lamang at nákita ko kaagád," ang sambót ni Nardíng.

Bigláng nawalán ng kulay ang mukhâ ni Nenita, at hindî siyá kaagád makapagsalitâ ni gaputók.

"Mátuto ka sanang mag-ingat sa iyóng mga gamit. Abá, walóng piso ang bilí ko riyán", ang wikà ng iná, sabáy abót kay Nenita ang pontimpén. "Siyá, magbihis ka na at magminindál ka ng ginatán."

Bigláng pinagpawisan si Nenita nguni't hindî dahil sa init. Naguló ang kaniyáng isip. Pabagsák niyáng ibinabâ ang kaniyáng mga aklát at nangínginíg ang mga kamáy na binunot sa *bag* ang pontimpén ni Melba.

"Diyós ko! Patawarin Mo pô akó" ang pabulóng niyáng pagsisisi.

At matulin siyáng lumabás, nguni't hindî upáng kanin ang ginatáng sadyáng gustung-gustó niyá. Sinabi niyá sa kaniyáng iná ang lahát ng nangyari.

"Nakú, Nanay! Kaawa-awà namán si Melba! Anó pô ang dapat kong gawín?"

"Tanungín mo ang iyóng pusò, Anák. Ilagáy mo ang iyóng sarili sa lugál ni Melba. Damdamín mo ang kaniyáng kaapihán at iyóng gawín ang lahát ng nararapat upáng ang paniniwalà sa kaniyáng katápatan ng inyóng prinsipál, gurò, at mga kamag-aarál ay manumbalik.

"Ay dî akó namán ang tátawanan!" ang bigláng náalaala ni Nenita.

Hindî nakakain si Nenita ng hapunan at lalong hindî siyá nakatulog na magdamág sa káiisip sa pagtatapát na gágawín kinábukasan.

"Yarî na ba sa iyóng loób ang nararapat mong gawín?" ang usisà ng iná nang nagpapaalam na si Nenita upáng pumasok.

"Opò,Ináy. Akin pong ipagtátapát ang lahát kay Melba, sa punong-gurò, at sa lahát kong kamag-aarál, kahit na niláy akó pagtawanán at tuyaín!"

(*Nasa-páhiná 79 ang karugtóng*)

PUMAIT NA LIGAYA

BARTOLOME DEL VALLE
Torres High School

"Paalam na, Ináng, asahan mo pong sa aking pagbabalík ay iháhandóg ko sa iyóng mga kamáy ang sagisag ng aking tagumpáy at bunga ng iyóng pagpapakasakit alang-alang sa akin." Iyán ang humíhibík na pangakong binitiwan ni Gloria bago niyá nilisan ang táhanang kinákitaan niyá ng unang liwanag.

Si Gloria ay bugtóng na anák ni Tandáng Damasa na nabúbuhay sa pagtitindá-tindá ng mga kakanín magbuhat nang ang kaniyáng asawa ay namatáy noóng si Gloria ay tatlóng taóng gulang pa lamang. Sa kaniyáng pagpapakasakit ay naitaguyod niyá si Gloria hanggáng makatapos ng háiskul sa kaniláng lalawigan.

Sa mapilit na anyaya ng kaniyáng kaibigang si Carmen, anák ni Mang Pablo, mapaít man sa kalooban ni Aling Damasa na málayô ang kaisa-isáng anák, ay napahinuhód na ring ang kaniyáng anák ay lumuwás sa lunsód upáng makatapos ng "Normal" man lamang.

"Anák, ipinaáalala ko lamang sa iyó na tayo ay mahirap. Malabis kong ináalaala na bakâ ang kauntî kóng kinákita ay hindî makasapát upáng ikáw ay makasunód sa iyóng pangangailangan" ang malumanay na pangaral ng matandâ noóng gabíng bago umalís si Gloria.

"Iná," ang sagót ni Gloria, "hayaan mo pô at sa aking pagbabalík ay hindî na kayó magtítindá. Háhanguin na kita sa hirap at pagbubumabad sa tábí ng lansangan, at pagsahod ko, ibíbilí ko kayó ng magagandáng damít at ipaáayos ko ang ating táhanan.

Palibhasa'y isáng ináng matíisin, na sa simulâ pa ay nakahandáng magpakasakit nang dahil sa bunsô, matapos siyáng yakapin at halikán ay buóng-pusong sumangayon sa amukì ng anák.

Nakaraán ang maraming araw. Patuloy ang waláng kupas na pagsulat ni Gloria sa kaniyáng uliráng iná. Ang gabí ay ginágawáng araw ni Aling Damasa upáng may sapát na kuwaltáng maipadalá sa nálalayóng anák.

Si Gloria ay nakatapos din ng pag-aaral. Ngayón ay tagláy na niyá ang katibayan ng pagka-gurò. Umuwî siyáng maligaya sapagká't matútulungan na ang iná niyáng nagpápakasakit.

"Ináng!" ang buóng-galák na sigáw ni Gloria nang mátanáw ang kaniláng bakuran. "Maraming tao, tila ipinaghandâ ni Ináng ang aking pagdating.
Bakit kaya niyá nálamang akó'y úuwî ngayón gayóng isáng *sorpresa* ang aking binalak na pagbabalik? . . . Hindî ko binanggit ang araw ng aking pagdatíng sa hulí kong liham sa kaniyá," ang náibubulóng ng kinákabaháng si Gloria.

Patakbó siyáng pumanhík.

"Ináng," ang malakás na tilî na sinundán ng kalabóg ang náriníg ng mga taong luhaán.

BAKIT KAYA?

JOSEFINA R. SERION
Bureau of Public Schools

Si Aling Tesang ay asawa ni Mang Baldó. Si Mang Baldó ay isá lamang kawaní sa isáng tanggapan ng pámahalaán. Maliít lamang ang kiníkita ni Mang Baldó nguni't iyón ay tinítipíd na mabuti ni Aling Tesang upáng silá ay hindî kapusín. At hindî nga namán silá kinákapós. Bagkús ay nakaíipon pa silá nang kauntî. Nguni't si Aling Tesang ay hindî nasísiyahán sa kaniláng pamumuhay. Si Mang Baldó ay katulad ni Aling Tesang na waláng kasiyahan.

Isáng araw, tinawag ni Aling Tesang si Mang Baldó. "Dalî ka. Dalî ka, Baldó. Tingnán mo si Misis. Pagkaganda-gandá ng kaniyáng damít, ano?"

"Siyangâ," ang ayon namán ng lalaki. "Talagáng magagandá ang damít niyáng si Gng. Dato."

"Bakit kayâ?" ang tanóng ni Aling Tesang. "Bakit kayâ siyá nakabíbilí ng magagandáng damít samantalang ang kiníkita ng kaniyáng asawa ay hindî namán kálakihan? Malaki-laki lamang nang kauntî sa iyó ang suweldo niyá, hindî ba?"

"Tunay ngâ," ang may pagkibít pa ng balíkat na sagót ng lalaki. "Alám mo, iyán ay nasa-nagháhawak ng kuwaltá. Kung mahusay kang mag-ayus-ayos ng paggastá ay . . ."

"Ang ibig mo bang sabihin," ang agaw ni Aling Tesang, "akó ay hindî marunong maghawak ng kuwaltá?"

"Abá, hindî ko namán sinabi iyón ah," ang tanggí ng lalaki.

"Ow, anó pa ba ang ibig mong sabihin? Ganoón na ngâ. Bakit, hindî ba tinítipíd ko nang mabuti iyáng kuwaltáng ibiníbigáy mo sa akin?" ang dugtóng ng babae.

"Kayâ ko lamang násabi iyón ay dahil sa ikáw ay nagtátaká. Nakapagtátaká namáng talagá kung sa bagay. Tingnán mo silá at nakapagpagawâ na ng isáng bahay na magandá. Samantalang ang butas-butás nating bubóng ay hindî natin mapalitán. Tatló ngâ ang anák natin. Tatló rin ang anák niláng. Ang kiníkita ko at ang kay G. Dato ay hindî namán nagkakálayô. Eh, anó pa ang dahilán ng pagkakálayô ng kabuhayan natin sa kabuhayan nilá?" ng mahabang paliwanag ng lalaki.

"Anó pa?" ang gagád ng babae. "Ang dahilán ay itó: si G. Dato ay *maabilidád* sa buhay samantalang ikáw ay waláng *kaabí-abilidád.*" At si Aling Tesang ay tumalikód at sakâ lumayô.

"*Abilidád?*" ang patakáng wikà ng lalaking nagkákamót ng ulo.

Isáng araw, si Mang Baldó ay nasa-bakuran nilá na kasama ang tatlóng anák na lalaki. Ang mga batà ay nagsísipaglarô. Si Mang Baldó ay nakíkipaglarô rin sa kaniyáng mga anák. Sa may dakoroón namán ay nároón si Aling Tesang na nag-áayos ng mga punò ng rosas.

Ang tánawing itó ay malugód na minámalas namán palá ni G. Dato na kasalukuyang nakaupô sa may tabí ng durungawan ng kaniláng magandáng táhanan.

"Nenè, halika," ang tawag nitó sa kaniyáng maybahay. "Masdán mo ang ating mga kapitbahay. Mabuti pa silá at maligayang-maligaya sa buhay. Walâ siláng iná-alaala. Bakit kayâ tayo ay hindî nagíng katulad niláng?"

"Siyangâ," ang ayon namán ng babae. "Sa palagáy ko ay waláng álalahanín sa buhay ang mag-asawang iyón."

"Paano ay walâ siláng iná-alalang bábayaran," ang wikà ng lalaki. "Hindî silá katulad natin na patung-patong ang utang. Hindî ko maalaman kung kailán tayo makabúbunot sa hirap. Nakabaón tayo sa utang."

"Abá, abá, mukháng masamâ na namán ang himig ng pagsasalitâ mo. Tila akó na namán ang iyóng pinatátamaan ah," ang malakás na sabi ng babae.

"Bakit, mayroón ba akóng sinabing anumán tungkól sa iyó? Ang sinásabi ko ay ang ating mga utang," ang pagtatanggól ng lalaki.

"Mangyari ay madalás mong sinísisi akó sa ating pagkakaroón ng mga utang. Dahil sa karangyaán ko, ang wikà mo, kayâ tayo nálubóg sa utang. Bakít, hindî ba ikáw rin ay nagmámarangyâ?"

"Tumigil ka na ngâ," ang pabulyáw nang wikà ng lalaki. At pagkaraán ay ipininid ang bintana dahil sa malalakíng patak ng uláng bigláng bumagsák.

Ang mag-anák namáng nasabakuran ay nagsitakbó sa loób ng bahay.

Parang ibinúbuhos ang ulán. Sa loób namán ng bahay ni Mang Baldó ay basáng-basâ ang lahát ng bagay. Búbulung-bulóng si Aling Tesang habang isinásahod ang mga palanggana at mga tabò sa tubig na nagdáraán sa mga butas ng kaniláng bubóng. Iiling-ilíng namán si Mang Baldó. "Mabuti pa silá sa tapát at hindî tinútuluan," ang wikà niyá sa sarili.

Sa tapát ay nároón namán si G. Dato na nagtútuós ng kaniyáng mga pagbábayaran sa suweldong dáratíng.

Si Mang Baldó ay hindî nasísiyahán. Si G. Dato ay hindî rin nasísiyahán. Bakit kayâ?

Talásalitaan:

kawaní — employee
kasíyahan — contentment
pagkibít — shrug
abilidád — ability
tánawin — scene
álalahanín — worry
utang — debt
íiling-ilíng — nodding
nagtútuós — computing
pagbábayaran — to be paid

Mga tanóng:

1. Bakit hindî nasísiyahán si Aling Tesang sa kaniláng pamumuhay?
2. Bakit naíinggít si G. Dato kiná Mang Baldó?
3. Anó ang nangyari sa bahay niná Mang Baldó nang lumakás ang ulán?
4. Anó ang pinagkagalitán ni G. Dato at ng kaniyáng asawa?

MULA SA ISANG PILIPINO SA AMERIKA

ROSARIO BELLA GANA
Phil. Normal School

San Francisco, California, U.S.A.
Agosto 10, 1948

Mahál kong Linda,

Huwág kang magalit at magtampó sa pinsan mong laging nagáalaala at nagmámahál sa iyó. Hindî ko natupád ang pangakò sa iyó sapagká't hindî ko nakayang sumulat at magbalità kanínumán, kahit sa minámahál kong magulang. Basahin mong mabuti ang ibábalità ko sa iyó at mábabatíd mo ang sanhî ng aking pagkukulang. Pagkatapos ay ikáw na ang bahalang humatol sa pinsan mo.

Magsásambuwán na ngayón nang kayó'y lisanin ko. Maliwanag at sariwang-sariwà pa sa aking alaala ang hulíng larawan sa piyér, ang malungkót nating paghíhiwaláy, ang pagpapaalam sa mga minámahál at pinakatátangì sa buhay. Para ko pang nákikita ang inyóng pagkakáhanay sa pampáng ng dagat. Para ko pang náriríníg ang hulíng hiyáw, "Puera bisita", at para ko pa ring nákikita ang sarili pagkaalís ninyó. Nang tumulak na ang bapór ay kumarimot na akó ng takbó sa aking kamarote at doón akó nananangis at nanaghóy nang buóng-lakás upáng maluwag-luwagán ang nagpúputók kong dibdíb. Kay-hirap paláng magpigil sa pag-iyák! Kay-hirap paláng magpilit lumunók ng luhang nagpúpumiglás na umagos! Nguni't isáng malakíng kaginhawahan ang aking natamó nang akó'y mapag-isá at makaiyák nang buóng-layà at waláng nakakákita at nakakáriníg.

Ngayó'y natupád na ang pangarap kong makasakáy sa *jin-ricksha*. Bagamá't luláng-lulâ akó, pag tigil ng bapór ay nakatítindíg at maáaring makapasyál. Kayá't nang humintô kamí sa Nagasaki ay sumakáy akó sa *jin-ricksha* hanggáng sa akó'y magkanghihilo. Ang *jin-ricksha* ay katulad na rin ng ating kalesa, may-kagaanán ngâ lamang ang *ricksha*. Sa mga itó'y tao ang humíhila sa halíp na kabayo, nguni't ang mga humíhilang itó'y sintutulín na rin ng mga kabayo. Kaawa-awà namán silá! Dahil sa kátatakbó ay hindî palá tumátagál ang kaniláng buhay, dalawáng taón daw lamang ang kahabaan. Nagkakasakít daw sa pusò. Biruin mo ngâ namán ang pagkatagtág ng pusò niló. Talagá ngâ namáng nápakamura ng buhay ng tao sa Hapón at Tsina. Mapalad pa ang mga Pilipino at mahal-mahál pa ang buhay ng tao riyán sa atin.

Ipakisabi mo sa Tiyá Milya na ang lata ng Ovaltíng pabaon niyá sa akin ay siyáng nagligtás sa buhay ko. Pag luláng-lulâ na akó at walâ nang tanggapín ang aking sikmurà kahit anó ay *Ovaltine* na lamang ang ibinábabad ko sa aking

bibíg. Pag gabí na ay púpunuín ko ang takíp ng lata na parang platito. Ilálagáy ko itó sa tabí ng bintanà upáng málamigán. Kinábukasan ay matigás na kendi ang labás. Itó na lamang ang maghapon kong pagkain. Sayang ng masasaráp na pagkain, kahit dalhán akó ay hindî ko makain. Bagamá't hindî akó nakasilip ng kumidór kahit minsan ay hindî ko nákalimutan ang bilin mong tálaan ng pagkain (menu), talagá ngâ paláng magagandá. Kalakíp nitó ang ílán. Si Inong ang pinakisuyuan kong kumuha. Kalakíp din ang iláng papél na sulatáng may larawan ng bapór naming sinakyán.

Ang Haváy ang napusuan ko sa lahát ng dinaanán naming bayan. Pagkálinis-linis! At kay-saráp ng malalakí at matamís na pakwán! Kahit na ikawaló ng gabí nang kamí'y dumatíng doón ay bumilí agád ng isáng malakíng pakwán, walumpúng "cents" lamang. Nagtupada kamí niná Inong, Enteng at Pepe. May isá pa ngâ palang Ilukanong nakisalo sa amin. Sayang at nákalimutan ko na ang pangalan. Bakit ay sa may-kailapán ang Ilukanong iyón, totoóng mahíyain. Bago kamí umalís ng Haváy ay namasyál kamíng mabuti. Mura namán ang taksi roón, para na rin diyán sa atin.

Pag datíng namin dini sa California ay naghiwá-hiwaláy na kamí. Inihatíd ako rini sa Y.W.C.A. niná Inong at silá namán ay nagkaní-kaniyá na ng lakad. Si Inong ay sa Iowa nagtulóy, si Pepe ay sa Angeles at si Enteng ay sa New York. Akó'y pinípilit isama ni G. at Gng. Ball sa Texas. Malapit daw silá sa Pámantasan ng Texas. Doón na raw akó magaral at sa kanilá na akó tumirá. Muntík na akóng mabighanì nguni't náalaala ko ang bilin ni G. Ross, ang mabaít nating gurong Amerikano, na kung sa Texas din daw lamang akó púpuntá ay mabuti pa'y huwág na akóng tumungo sa Amériká. Sa Chicago na akó túlulóy at háhanapin ko ang pinsan natin doón. Mabuti na ang malapit sa kamag-anak.

Kay-gandá ng silíd ko rini nguni't kay-mahál: limáng dolyár isáng araw, waláng pagkain. Waláng makuha kundî itó lamang. May teléponó at malakí ang banyo. Ang katre ay natítiklóp sa dingdíng. Tuunán lamang ang butón ay lumálabás at kusang bumábabâ na ang katre. Nguni't hindî akó magtátagál dito, nápakalúngkót. Pag nákikita ko ang teléponó ay iníisip ko na kung sino ang tátawagan ko rini.

Kábilin-bilinan ng tatay ay huwág daw akóng makíkipag-usap sa Pilipinong hindî ko kakilala at masamâ raw ang karamihan sa ating mga kababayan dini. Hanggá ngayón ay walâ pa akóng nákikitang Pilipino. Sa bandáng labás daw, sa may Oakland át Berkley sila nároroón. Maglílibót akó roón bukas. Sa makalawá ay patungo na akó sa Chicago. Ibig ko nang matikmán ang treng may tulugán. Ang pangakò ko kay Charing ay isúsulat ko sa kaniyá kung anó ang hitsura ng treng itó.

Hoy, nakapamilí na akó ng iláng bistido at ibá pang kailangan.

Hindî na akó mukháng kaawa-awà, túlad ng sabi mo sa akin. "Sport" na akó ngayón nguni't kauntî lamang namán. Alám mo nang maiklî ang pisì ko. Kailangan kong magdahan-dahan. Bakâ akó kapusín.

Paalam na muna, sakâ ko na ikáw mulíng balitaan. Huwág kang magkakámalî ng pagbabalità sa amin. Alam mo nang laging masayá ang sulat ko sa amin. Waláng balità tungkól sa pagkalungkót o sa pagluhà, kayá't magíingat ka. Batíd mong tanging akó lamang ang mapilit ng pagparini. Natátandaán mo pa ba ang sabi ng lelang nang mábalitaang akó'y púpuntá rini? Nabábalíw na raw yatà akó. Isáng linggóng hindî akó kinausap ng lelang at tila ngâ ang palagáy sa akin ay balíw. Pípilitin kong ipakilalang hindî ngâ akó nabábalíw at hindî rin akó magsísisi nang pagkápuntá rini. Hanggá ngayón, kahit na anóng hirap ang dináranas ko, ay hindî pa namán akó nagsísising talagá.

Sa Chicago mo na ipadalá ang iyóng sagót, sa táhanan ni Pedring. Alám mo namán ang tinítirhán niyá. Tumelégramá na akó sa kaniyá upáng akó'y salubungin at nang maihanáp na akó ng títirhán. Mahirap ngayón ang tírahan dini. Waláng salang mágugulat siyá. Waláng nakapagbábalitang akó'y dumatíng.

Kumustá sa inyóng lahát.

Ang iyóng pinsan,
Miling

Mga tanóng:

1. Saán nagbuhat ang liham?
2. Anó ang nálalaman ninyó tungkól sa bayang itó?
3. Bakit maraming Pilipino sa bayang itó?
4. Mahirap ngâ kayâ ang magpigil ng pag-iyák? Bakit?
5. Sino sa inyó ang nakásakáy na sa *jin-ricksha?*
6. Anó ang nábasa o náriníg ninyó tungkól sa sasakyáng itó?
7. Bakit walâ tayo ng sasakyáng itó sa Pilipinas?
8. Ibig ba ninyóng makasakáy sa *jin-ricksha?* Bakit?
9. Bakit madalî ang buhay ng taong humíhila ng *ricksha?*
10. Alíng bayan ang naibigan ng may-akdâ? Bakit?
11. Anó ang nábasa ninyó tungkól sa katreng natítiklóp? Nakákita na ba kayó ng ganitóng katre?
12. Alín ang sa akalà ninyó'y lalong mabuti, ang natítiklóp o ang hindî?
13. Mulâ sa California, saán tútungo si Milíng? Násaáng dako ng Ámeriká itó?
14. Anó raw ang ibig niyáng mátikmán? Sino ang nakákita na ng treng may tulugán? Paano náiibá itó sa tren dito sa Pilipinas?
16. Anó ang ibig sabihin ng maiklî ang pisì? Ipaliwanag.

MARCELO H. DEL PILAR

JACINTO R. DE LEON
University of Manila

Si Marcelo H. del Pilár ay isá sa mga luwalhatì ng lahing Pilipino. Katulad niná Rizál at Bonifacio, siyá'y isáng bayaning hindî matátawaran. Ang kaniyáng mga pagpapakasakit at gáwain dahil sa kapakanán at kabutihan ng apíapihang bayang ipinagtanggól niyá hanggáng sa mga hulíng sandalî ng kaniyáng buhay ay isáng bantayog ng kabayanihang hindî dapat mawaglít sa alaala ng buóng bansá.

Noóng magkákalahatian ng taóng 1890, si Del Pilár ay nagtungo sa Espanya. Nabatíd niyá na, dahil sa mga kilusáng-bayang pinangúnguluhan niyá laban sa mga prayle, siyá'y ipatátapon ng mga maykapangyarihan. Ang totoó'y talagáng kaaway siyá ng mga prayle.

Nang siyá'y magíng mánananggól na, ang lalong malakíng bahagi ng kaniyáng panahón ay iniúkol niyá sa mga súliraníng pambayan kaysá kaniyáng propesyón. Siyá'y naníniwalà na kailangan ang mga pagbabago sa pámahalaán. Upáng madalirì iyón, siyá at ang isáng pulutóng ng kabataan ay naglathalà sa Malolos, Bulakán, ng *Diariong Tagalog*. Dito silá nangagsisulat ng mga lathalà na ang karaniwa'y tumútuligsâ sa mga prayle. Silá'y gumamit ng mga *nom de plume* o pamagát. Ang pamagát ni Del Pilar ay *Plaridel*. Higít sa lahát, si Del Pilár, ang napagpakuan ng tingín ng mga prayle. Magíng sa púlpitó, siyá'y binábatikos ng mga parì. Lalò siyáng nag-alab. Hindî siyá umurong. Ang laging wikà niyá ay "Sásabihin ko ang katotohanan kahit itó'y magíng sanhî ng kaniláng pagpapabilanggô sa akin."

Ang unang sagupà ni Del Pilár sa mga prayle ay nang siyá'y magáanák sa binyág (noó'y 20 taóng gulang siyá). Nang málaman niláng siyá'y buhat sa isáng tanyág na pamilya, ang bayad sa pagbibinyág ay ibig niláng itaás. Hindî siyá pumayag. Sinabi niyáng hindî tamà sa isáng parì ang sumingíl ng ibá-ibáng halagá sa magkaparis na paglilingkód. Hindî siyá pinansn ng parì. Kayâ, siyá at ang kaniyáng mga kasama ay lumipat ng ibáng simbahan at dito nilá pinabinyagán ang batà.

Nang siyá'y nasa-Espanya na, si Del Pilár ay nagíng lalong masalitâ at handáng makitalád sa ngalan ng matwíd at katárungan. Doón ay waláng gumágambalà sa kaniyáng mga sinúsulat. Hindî nalaunan at binilí niyá ang *La Solidaridad* ni Graciano Lopez-Jaena. Ang páhayagáng iyón ay nangatawán sa pagpapasok ng iláng

kabaguhan sa pámahalaán sa Pilipinas. Ang isá na rito'y ang pagpapalayas sa mga prayle sa Pilipinas. Tinipon ni Plaridel ang pinakamagalíng na mga mánunulát na kagaya niná Rizál, Trinidad Pardo de Tavera, Mariano Ponce, Antonio Luna at Lopez-Jaena. Ang mga sipì ng *La Solidaridad* ay lihim na ipinadádalá kiná Deodato Arellano at Gregorio del Pilár at ang mga itó ang siyáng palihím na namámahagi sa Pilipinas. Sa ganitóng paraán, ang kabayanihan ay laging napag-alab ni Plárideł sa mga pusò ng kaniyáng mga kababayan.

Samantala, si Del Pilar ay sumulat din ng iláng aklát, kabilang dito ang *La Soberania Monacal en Filipinas, La Frailocracia Filipina, Caiiñgat Cayo, Dasalan at Toksohan, Pasiong Dapat Ipagalab ng Puso ng Taong Babasa,* at *Sagót ng España sa Hibik ng Pilipinas.* Ang mga aklát na iyán ay tumútukoy sa mga pagmamasagwâ ng pámahalaáng Kastilà, lalò na ng Simbahang Katólikó sa Pilipinas.

Ayon kay Heneral Blanco, si Del Pilar ay siyáng pinakamatalino at tunay na diwà ng mga kasang-ayon sa kilusáng paghiwalay sa Ináng Espanya. Ang sabi namán ni Rizál: "Si Del Pilár ay siyáng matibay at dî magágaping haligi ng bayán-bayanan ng mga Pilipino: sa kaniyáng buhay ay makaháhangò at maáaring makahangò sa mga kababayan ng mga aral sa pagtitiís at pagpapakasakit." Sinabi rin ni Rizál na "ang mga lathalang pulítikó ni Del Pilár na sinulat sa wikang tagalog ay siyáng gumising sa damdaming pambansá ng mga pilipino, damdaming nagkaroón ng lalong kaluwalhatian nang mapatatag ang ating madalíng naglahong Repúbliká Pilipina."

Nang siyá'y nasa-Espanya, si Del Pilár ay pinadádalhán ng kuwaltá ng kaniyáng mga magulang at kaibigan. Naghirap ang kaniyáng pamilya, kung kayâ náhintô ang pagpapadalá si kaniyá ng tulong. Nagkaroón daw ng panahón na walâ siyá ni maibilí ng selyo upáng makapagpadalá ng sulat sa pamilya. At madalás na siyá'y nagpápalipas ng gutom sa paghitít ng tabako. Sinásabi pang kung minsan, siyá'y namúmulot lamang ng upós. Nang márinig daw ng kaniyáng bunsóng si Anita ang mga kahirapan at pagtitiís ng kaniyáng amá, ang ginawâ ng anák ay ipinagbilí ang lahát ng tinanggáp niyáng mga pamaskó, at ang nápagbilhán ay ipinadalá sa amá, bagay na siyáng nagíng pinakamatamís na alaala kay Del Pilar sa laot ng paghihikahós.

Si Marcelo H. del Pilar ay sumilang sa Kupang, nayon ng San Nikolas, Bulakán, Bulakán noóng ika-30 ng Agosto, 1850. Ang kaniyáng amá at iná ay siná Julian del Pilar, at Blasa Gatmaytan. Ang kaniyáng mga magulang ay may mariwasáng kabuhayan. Ang kaniyáng amá ay makaitlóng nagíng *gobernadorcillo* o alkalde ng bayan.

Si Marcelo ay unang nag-aral sa páaralán ni G. Flores. Pagkatapos, siyá'y nagpatuloy sa *Colegio*

de San Jose at sakâ sa Pámantasan ng Santo Tomás. Díto siyá nag-áral at nagtapós ng pagkamánananggól.

Nang kasalukuyang gumágawâ ng mga lihim na panukalà ang mga tagataguyod ng Katipunan, si Del Pilár ay dinapuan ng lagnát at nagkaroón ng "reuma". Hindî nagluwát at siyá'y nagkasakít ng pagkatuyô, at namatáy siyá noóng ika-4 ng Hulyo, 1896; kayâ, hindî na siyá nakalahók sa Hímagsikan na isinigáw sa Balintawák noóng ika-26 ng sumunód na Agosto ng taón ding iyón. Siyá'y nálibíng sa Barselona, Espanya; dátapwá't sa kahílingan ng Pámahalaáng Pilipino, ang kaniyáng mga butó ay dinalá sa Pilipinas ng dating Hukóm Romualdez noóng ika-3 ng Disyembre, 1920.

Talásalitaan:

luwalhatì —joy
makitalád — to argue with, to mix
sipì — copy
magágapì — can be overpowered
upós — tobacco or cigarette stub
paghihikahós — poverty
laot — middle
binábatikos — being attacked
tanyág — famous, well-known
kabaguhan — reforms
pagpapakasakit — sacrifice
sakít ng pagkatuyô — pulmonary tuberculosis

Mga tanóng:

1. Bakit hindî dapat mawaglít sa ating gunitâ si M. H. del Pilár?
2. Bakit siyá nagtungo sa Espanya?
3. Anó ang kaniyáng kinálaman sa *Diarong Tagalog?*
4. Anó ang kaniyáng pamagát sa pagsulat?
5. Kailán pa at bakit naging mainit ang kaniyáng dugô sa mga prayle?
6. Anú-anó ang kaniyáng ginawâ sa Espanya? Anó ang ginawâ niyáng sandata sa pagbaka sa mga kasagwaán ng mga prayle?
7. Anó ang mga palagáy ni Henerál Blanco at ni Dr. Rizál tungkól kay Del Pilar?
8. Isalaysáy ang mga hirap at pagtitiís ni Del Pilar samantalang nasa-Espanya.
9. Alín ang pinakamatamís na alaalang tinanggáp niyá sa Espanya?
19. Saan-saán nag-aral si Marcelo? Anó ang kaniyáng natapos?
11. Anó ang kaniyáng ikinamatáy? Saán siyá namatáy at inilibíng?
12. Násaán ngayón ang kaniyáng mga butó?

MANUEL L. QUEZON

ROSARIO S. SERRANO
San Francisco Elementary School

Pitumpúng taón na ang nakalipas mulâ nang sumilang ang "Bituin ng Baler". Siyá ay nagmulâ sa dampâ at dahil sa pagpupunyagíng magtagumpáy kayâ naratíng niyá ang Malakanyáng.

Ang mga katángian ng ating mga nunong Lakandola, Solimán, Humabon, at ibá pa nating bayaning nangabuwál sa dilím ng gabí, tulad niná Rizál, Bonifacio atb. ay napisan kay Manuel L. Quezon.

Si Quezon ay bayani dî lamang ng panulat kundi ng tabák. Siyá ay rebulusyunaryo at nakilaban sa mga Amerikano. Kapuri-puri ang kaniyáng panunungkulang ipinamalas sa pagka-"major" sa ilalim ng pangangasiwà ni Henerál Maskardo.

Nasa kaniyáng mapusók na kalooban ang tigás ng tindaló at mulawin ng ating kaparangan. Nang panahón ni Wood ay nagkaroón ng kung hindî álitan ay maáaring sabihing di-pagkakáunawaan si Quezon na noó'y Pangulo ng Senado at ang Gobernadór Henerál. Dito ipinakilala ni Quezon ang kaniyáng katígasan ng loób nang ang buóng Gabinete ay nagbitiw ng tungkulin ayon sa kaniyáng pasiyá.

Halos tumátagintíng pa sa aking pandiníg ang kaniyáng talumpatì na anyá'y: "Nais ko ang pámahalaáng ang pamamalakad ay nasa-kamáy ng mga Pilipino kahit ang pámahalaáng iyá'y nasa-inpiyerno kaysá pámahalaáng nasa-glorya nguni't ang umúugit ay kapangyarihang Amerikano".

Sa kaniyáng mga kaalinsabáy at sa mga pangkasalukuyan man ay walâ pang makaágaw ng korona niyá sa pagka-mabutíng mánanalumpatî. Sa "Quezonian Eloquence" ay aking sinipì at dî malílimot ang ganitóng katagâ: "Ang aking pagka-matapát sa aking lápian ay nagtátapós kung saán nagsísimulâ ang katápatan ko sa aking bayan".

Nguni't hindî sa salitâ siyá nákilala kundî sa gawâ. Siyá'y kaaway ng tinátawag na "pagsisilbí sa bayan sa bungangà lamang". Siyá'y mahigpít na tagapagtanggól ng ating karapatán at sa mulá't mulâ pa'y nagpakahirap matamó lamang ang ating kalayaan. Kung waláng Quezon ay waláng Batas Jones. Ang Pangulong Quezon ay kakambál ng ating Malasariling Pámahalaán. Ang paggalang at paghangà sa kaniyá ng mga Amerikano at mga dayuhan ay dî gayón na lamang.

Si Manuel L. Quezon ay kaibigan ng mga dukhâ at manggagawà. Siyá'y nápabantóg dahil sa kaniyáng mga símulain tungkól sa

katárungang pangmadlâ. Ang mga salarín, ang mga mapaghimagsík, at ang mga mapag-alsa sa pámahalaán ay nagkapitak sa kaniyáng pusò. Minahál niyá ang mga itó, pinatawad upáng sila'y mapanuto sa pagka-mabuting mámamayán at matahimik na pamumuhay. Ang isá sa mga ganitóng kaaway ng pámahalaán na pagkatapos ay nakadaóp-palad ni Quezon ay si Asidillo. Anupá't si Quezon ay may ngitî sa labì nguni't mayroón din namáng tangang kumpás sa kaliwáng kamáy.
ay kahit dî kapanalig ay nagiging kaibigan niyá dahil sa kaniyáng pagka-mapagbigáy.

Si Manuel L. Quezon noóng nabúbuhay pa ay waláng kaaway. Paanong magkákaroón ng kaaway

Sino ang mákakapantáy ni Quezon sa pagmamahál sa tinubuanglupà? Tulad ni Rizal, siya'y hindî nahíhiyáng tawaging Pilipino. Lalong ipinagpáparangalan niyáng siyá'y tawaging ganitó. Kaniyáng ikinarárangál ang kulay-Kayumanggí.

Kung maitúturing nating si Francisco Baltazar ay Amá ng Tagalog, ay masásabi namáng si Quezon ay Amá ng Wikang Pambansá. Dahil sa kaniyá kayâ ang Wikang Pambansá ay ginágamit na pampáaralán at pampámahalaán.

May nagsásabing si Quezon daw ay nagtagumpáy dahil sa magandáng kapalarang kakambál niyá noóng siyá'y isilang, subali't sa palagáy ng marami ay natamó niyá ang tagumpáy dahil sa pagpapakasakit. Upáng makamtán ang perlas, itó'y dapat sisirin sa ilalim ng dagat. Upáng malipád ang papawirin, kailangan ang bagwís. Namuhunan si Manuel L. Quezon ng puyat, salapî, utak at pawis bago siyá nátanyág.

Upáng málaman natin ang mga símulain ni Quezon tungkól sa ikápapanatag ng ating bayan at upáng ang ating bansá ay magíng matatág na di-tulad ng palasyong itinayô sa buhangin, ay pag-ukulan natin ng pansín ang sumúsunód na karapat-dapat basahin, isapusò, at isagawâ sa araw-araw:

BATAS NG KAGANDAHANG-ASAL

"1. Manalig ka sa Dakilang Lumikhâ na pumápatnubay sa kapálaran ng mga tao at ng mga bansá.

2. Ibigin mo ang iyóng tinubuang-lupà sapagká't iyán ang táhanan ng mga kalahì mo, ang pugad ng iyóng mga pagibig, ang pinagmúmulán ng iyóng kaligayahan at kaginhawahan. Ang káuna-unahan mong tungkulin ay ipagtanggól siyá. Humandâ ka sa lahát ng sandalî upáng magpakasakit at mamatáy nang dahil sa kaniyá kung kailangan.

3. Igalang mo ang Saligáng-Batás sapagká't iyán ang magpápahayag ng makapangyarihan mong kalooban. Ang pámahalaán ay iyóng pámahalaán. Itinatag iyán alang-alang sa kaligtasan mo't katiwasayán. Sundín mo ang mga batás at sikaping matupád ng lahát at ang mga punong-bayan ay tumupád ng kaniláng mga tungkulin.

4. Bayaran mong kusà at maagap ang iyóng buwís. Ang pagka-mámamayán ay nangángahulugán hindî lamang ng mga karapatán kundî ng mga tungkulin man namán.
5. Pakáingatan mo ang kalinisan ng paghahalál at igalang ang mga kapasiyahán ng nakárárami.
6. Ibigin mo at igalang ang iyóng mga magulang. Tungkulin mong silá'y paglingkurán nang buóng-pusò at kasiyahán.
7. Pahalagahán mo ang iyóng karángalan gaya ng pagpapahalagá mo sa iyong buhay. Mabuti pa ang karukhaáng may karángalan kaysá kayamanang waláng dangál.
8. Magíng matapát ka at malinis sa pag-iisip at sa gáwain. Magíng makatwiran ka at mapagkaawanggawâ, mapítagan at marangál sa iyóng pakikipagkapwà-tao.
9. Magpasimunò ka sa buhay na malinis at masinop. Huwág mag-aksayá ng panahón sa waláng kabuluhán o sa pagpapakunwarî. Huwág magmasagwâ sa pananamít at magíng mahinahon sa pag uugalì.
10. Mamuhay ka nang ayon sa dakilang alamát ng ating bayan. Dakilain mo ang alaala ng ating mga bayani. Ang kabuhayan nilá ay siyáng nagtúturò ng tungkulin at karángalan.
11. Magpakasipag ka. Huwág kang matakot ni mahiyâ sa paggawâ sa pamamagitan ng bisig. Ang pinag-áanihang pagpapakahirap ay nag-áambíl sa panatag na kabuhayan at nagdáragdág sa kayamanan ng bansá.
12. Umasa ka sa sarili mong mga pagsisikap sa iyóng ikáuunlád at ikáliligaya. Pagpilitan mo ang pagtugaygáy sa iyóng tunay na sikap.
13. Alagatain mo ang iyóng gáwain nang buóng-lugód, lúbusan at mahinusay. Ang gáwaing masamâ ang pagkakágawâ ay lalong masamâ sa gáwaing hindî ginawâ. Huwág mong ipagpabukas ang magágawâ mo ngayón.
13. Tumulong ka sa ikábubuti ng iyóng lipunán at paunlarín ang katárungang pangmadlâ. Hindî ka nabúbuhay pará sa iyóng sarili ni pará sa mgá anák mo lamang. Ikáw ay bahagi ng lipunáng pinagkákautangan mo ng mga tiyák na ságutin.
15. Ugaliin tuwina ang paggamit ng mga bagay na yarì sa Pilipinas. Tangkilikin ang mga ani at kalakal ng iyóng mga kababayan.
16. Gamitin at paunlarín mo ang ating mga likás na kayamanan at ísipan pará sa hináharáp. Ang mga iyá'y mana ng ating bayang hindî málilipat sa ibá. Huwág mong kalakalin ang iyóng pagka-mámamayán."

Upáng maparangalán ang yumaong Quezon, ang kaniyáng pangalan ay ikinabít sa lalawigang kinákitaan niyá ng unang liwa-

nág, sa mga páaralá't pámantasan, sa mga daán, tulay, atb. Ang Quezon Institute ay itinayô upáng ang mga maysakít na natútuyô ay mabigyán ng lunas, at upáng itó'y magíng tagapagpagunitâ na dahil sa sakít na iyán kayâ ang 'Pangulong Quezon ay sumakabiláng-buhay.

Si Quezon ay patáy na nguni't laging buháy ang kaniyáng alaala sa bawa't pusóng nagmámahál sa kalayaan at kasaysayan ng ating lahì.

Tayo ay dumalangin sa Dakilang Lumikhâ na nawá'y lumigaya siyá sa langit.

Talásalitaan:

pagpupunyagî — perseverance

mapusók — radical, aggressive

di-pagkakáunawaan — misunderstanding

kaalinsabáy — contemporary

katárungang pangmadlâ — social justice

mapaghimagsík — subversive

nakadaóp-palad — become friend

kapanalig — belonging to same party

ipinagpápárangalan — be proud of

pagpapakasakit — hard work

símulain — principle

Saligáng-Batás — Constitution

magpasimunò — to lead

magmasagwâ — to overdo

pagtugaygáy — pursuit

alagaṭain — to attend to

tangkilikin — to patronize

Mga tanóng:

1. Sino ang "Bituin ng Baler"?
2. Patunayang siyá ay bayani ng tabák.
3. Patotohanang matigás ang kalooban ni Quezon.
4. Sabihin mo ang ilán niyáng palá-palagáy sakaniyáng mga talumpatì.
5. Bakit siyá kaibigan ng lahát?
6. Bakit siyá tinátawag na Amá ng Wikang Pambansá?
7. Basahin ang Batás ng Kagandahang-Asal.
8. Paano natîn maparárangalán ang yumaong Quezon?

SA TINDAHAN NI TANDANG SORA

PABLO M. CUASAY
Philippine Normal School

Páunáng Salitâ:

Si Tandáng Sora ay tumúgón sa ngalang Melchora Aquino. Siyá'y dukhâ, waláng yaman at dunong, may katandaán na at may kahinaan ang katawan, subali't siyá'y nangúnguna kung ang pag-úusapa'y pagmamahál sa bayan. Ang kauntî niyáng puhunan sa kaniyáng tindahan ay inubos sa pagpapakain ng mga Katipunero. Basahin sa ibabâ ang maiklíng úsapan upáng lalong mailarawan ang kabayanihang ipinamalas ni Tandáng Sora, ang INA NG BALINTAWÁK.

Panahón — Agosto, 1896
Lunán — Balintawak

UNANG TAGPO

Ang tindahan ni Tandang Sora ay tindahan ng sarisarì. Ang nakaráraming panindá ay bigás, bungangkahoy, gulay, isdáng tuyô, bagoóng, damít, atb.

Nakapinid ang tindahan pagká't hatinggabí noón. May isáng aninong naglálamay sa karimlán at itó'y kumatók sa pintô.

Tandáng Sora: Sino iyán?

Anino: Akó, isáng kapatíd. (paanás)

Tandáng Sora: Oo. Kilalá ko na. Pumasok ka.

(Pápasok ang Anino. Magpápatuloy ng pagsasalitâ si Tandáng Sora)

At bakit ka duguán?

Anino: Kamí po'y paparitóng galíng sa kabundukan. Sa kasamaáng-palad ay nápuná kamí ng guwardiyá sa tuláy. Kamí'y pinahintô ng Kastilà. Ang ibáng kasama ko ay nagsitakas. Akó'y pinaputukán at sa akalang malubhâ ang aking lagáy ay sadyâ akóng iniwan. Ang mga nagtakbuhan ang hinabol. Akó'y nag-inut-inot na pumarito.

Tandáng Sora: Anó ang inyóng kailangan at marami kayóng samasama? Huwág sana kayóng magbarká-barkada.

Anino: Kamí po'y nagdáranas ng di-gágaanong kagutuman sa bundók. Kamí'y nagsadyáng umuwî upáng humingî sa inyó ng pagkaing ipamímigáy sa ating mga kapatíd na Katipunero.

Tandáng Sora: Ikáw ba'y nakakain na?

Anino: Hindî pa pô.

Tandáng Sora: Maraming pagkain sa páminggalan. Ikáw ay maghugas muna. Pagkapagpunas mo ay magpalít ka ng damít.

Anino: Opò.

Tandáng Sora: Sa madalíng-

araw pag dumatíng ang iyóng mga kasamahán ay maáarì na ninyóng iahon ang mga kagamitáng dádalhín sa ating mga kapatíd na nagalsá.

(Ang Anino, matapos kumain at mapagyaman ng matandâ, ay nakatulog nang mahimbíng. Siyá sana'y úumagahin sa ganitóng anyô kung hindî pinukaw ng mga kasamahán nang magmámadalíng-araw).

IKALAWANG TAGPO

Kináumagahan. May dáratíng na isáng iná. Siyá ay luhaán at pasan-pasán ang maliít na anák.

Iná: Magandáng araw pô, Tandáng Sora.

Tandáng Sora: Gayón din sa inyó. Mukháng mayroón kang panaw.

Iná: Siyá pong tunay.

Tandáng Sora: Anó ang sadyâ mo?

Iná: Malaon na pong iniwan akó ng aking asawa. Siyá pô ay namámarang. Siyá ay umanib sa mga Katipunero. Hanggáng ngayón, kamíng mag-iná'y dî pa sinísipután. Ngayó'y walâ pô kamíng ipagtawíd-gutom.

Tandáng Sora: Samakatwíd ay hindî pa kayó nag-áalmusál?

Iná: Almusál, agahan at hapunan pô. Mga tatló nang araw na dî kamí kumákain.

Tandáng Sora: Diyatà! Anóng wikà mo? Bakit dî ka pumarito agád?

Iná: Akó po'y nangángambáng bakâ akó'y pagkámalán ng mga Kastilà. Ang isá pa po'y may náringgán akóng ang tindahan ninyó ay sísiyasatin, at úusigin kayó ng mga Kastilà sa kung anóng dahilán.

Tandáng Sora: Lumabás kayóng mag-iná at pagsaluhan ninyó ang salabát at puto.

(Lálabás at kákain. Pagkatapos ay bábalík sa bukana ng tindahan)

Iná: Akó po'y magpápaalam na yáyamang kamíng mag-iná'y nakakain na.

Tandáng Sora: Anák, magingat ka sa daán. Bakâ másalubong ka ng mga taksíl. Waláng pagsalang pagbíbintangán kang asawa ng kaanib sa Katipunan. Dalî-daliin mo ang pag-uwî. Itó, pagdamutan mo ang kauntíng bigás.

Iná: Salamat pong mulî at paalam.

IKATLONG TAGPO

(Dalawáng kawal na Kastilà ang dáratíng.)

Unang Kawal: Sino raw pô ba ang Tandáng Sora rito?

Tandáng Sora: Akó pô. Akó'y nag-íisá.

Ikalawáng Kawal: Ipinahúhuli ka sa amin. Ikáw raw ang siyáng nagpápakain sa mga Katipunero.

Unang Kawal: Kayó'y kaawa-awà sa gulang ninyóng tagláy.

(*Nasa-páhiná 80 ang karugtóng*)

MGA SULIRANIN NG PAGSULAT SA WIKANG PILIPINO

LOPE K. SANTOS
Centro Escolar University

I.

Sa karamihan ng mga súliránín sa pagsulat ng wikang pambansá, ang aming nápiling tukuyin ngayón ay may kaugnayán sa panghihirám at paghangò ng mga salitâ sa mga wikang banyagà, bilang panakíp sa mga pangangailangan ng makabagong kabihasnán ng bansá, at pandagdág pa sa likás na kayamanan ng wikang tagalog.

Dalawáng símulain o páaralán ang nagkakáiaban sa súliraníng itó: isáng nagtátanggól ng pamaraáng lahát ng mga salitáng banyagang ginágamit na sa Tagalog ay isulat nang ayon sa bigkás-tagalog, samakatwíd ay sa loób lamang ng dalawampúng titik ng Abakada; at isáng nagtátanggól ng pamaraáng ang nangásabing salitâ ay dapat isulat nang ayon sa wikang banyagang pinagkunan.

Gamitin nating halimbawà ang mga salitáng banyagang sumúsunód:

Mga salitáng kastilà:
aguinaldo, aguardiente, barco, botella, cañon, cárcel, ciudad, cruz, Dios, elección, estación, judío, Filipinas, Alemania, atb.

Mga salitáng inglés:
back pay, baseball, boxing, bureau, commonwealth, high school, leader, magazine, meeting, Germany, Philippines, United States, atb.

Kung súsundín ang símulain o páaraláng ikalawá, na matátawag na pamaraáng maka-banyagà, ay ganyán na rin natin ipagsúsulát ang mga salitáng iyán, tuwî nang kúkunin sa wikang kastilà o sa wikang inglés. Anupá't waláng pápalitán ni bábawasing titik, at waláng bábawasin ni idaragdág na pantíg.

Nguni't kung isúsulat nang ayon sa unang símulain o páaraláan, na matátawag namáng pamaraáng maká-sarili, ay málalagáy ang isá't isá nang ganitó:

aginaldo, agwardiyente, barkó, batelya, kanyón, karsél, siyudád kurús, eleksiyón, estasyón, hudyó, Pilipinas, Alemanya, atb.
bakpey, bêisbol, boksing, kómonwels, biyuro, háiskul, lider, mágasín, miting, Diyérmaní, Pilipíns, Yunaited Isteít, atb.

Sa mga maka-banyagang pagsulat ay may nagmúmungkahing huwág na lamang baguhin ang pagkakásulat sa mga pinagkúkunang ibáng wikà, ay maáarì raw, at siyáng lalong mabuti, na lagyán, ng bantás na panipì (") ang mag-

kábiláng dulo ng bawa't salitâ. Ang mungkahing itó, kung súsundín, ay dî lamang pampabagal sa pagsulat, kundî katawá-tawá pa sa pagbasa. Lálabás na isáng pagpaparángalan ng panghihirám ng salitâ, kayâ bawa't hiramín ay nilálagyán pa ng gayóng gayák. Ang bantás na panipì ay dapat lamang gamitin sa mga salitáng di-pátuluyang ináangkín kundî nábabanggít lamang.

Dátapwâ, may isáng súliraníng mátitirá, na kailangang liwanagin pa rin. Paano bábasahin ang mga salitáng banyagang iyáng nakasulat nang ayon sa palátitikan ng wikang pinagkúkunan? Ayon sa talagáng bigkás-tagalog, o ayon sa bigkás-banyagà, halimbawa'y kastilà, o inglés? Kung gayón, ay ipalálagáy nating lahát ng bumábasa o nag-áaral ng wikang tagalog ay marunong na munang bumasa ng wikang kastilà o ng inglés. At sapagká't maáarì rin namáng dî lamang sa dalawáng wikang itó tayo kúkuha ng mga salitáng walâ sa atin, kundî gayón din sa wikang insík, haponés, siyamés, malayo at sa ibá pang mga bihasá't maunlád na wikà sa Europa, gaya ng latín, griyego, pransés, atb., ang mangyáyari ay kákailanganin din nating magíng marunong ng sarí-sariling alpabeto ng mga itó, upáng mátumpák tayo sa pagbasa ng mga salitáng sa kanilá'y máhahangò o máhihirám.

Ang ganitóng paraán ng pagsulat at pagbasa ay hindî namin nákikitang ginágawâ ng alin mang bihasáng lahì sa daigdíg. Magíng sa mga pananging ngalang-tao, ngalang-bansá, o ngalan ng mga bágay-bagay, ang kinúkuha o hináhangò niláng mga salitâ ay isinúsulat nang ayon sa sarí-sarili niláng palábigkasan at palátitikan, at hindî ayon sa wikang pinagkunan. At ang paggamit ng bantás na panipì (") ay di-ugalì ng alínman sa kanilá.

Ang batás na panlahát sa mga banyagang salitáng ináangkin na ng isáng wikà, ay isulat ang mga tinurang salitâ nang alinsunod sa katutubong pagbibigkás at sa loób ng sariling alpabeto ng wikang umáangkín. Magíng ang Inglés, ang Kastilà, ang Pranses, at ang bálanáng ibáng wikang maunlád, ay tumátalima sa batás na panlahát na itó; máliban na lamang kung talagáng iginágalang ang likás na pagkásulat ng salitáng pangalan alang-alang sa kasaysayan, at kung ang bigkás ng tinurang salitâ ay magaán sa kaniláng dilà at ang mga titik ay nábibilang sa sarili niláng alpabeto.

Sa mga salitáng pangalang nakahalayháy sa ibabâ, ay maliwanag na mákikita ang pagkakaní-kaniyahang sulat na náaayon sa sarísariling bigkás ng isá't isáng lahì:

1. *Zeus,* griyégo
   Deus, Dei, latín
   Dios, kastilà
   Diéu, pransés
   God, Deity, inglés
   Gott, alemán
   Thos, eskandinabo
2. *Christus,* latín
   Cristo, kastilà

Christe, pransés
Christ, inglés
Christen, alemán
Krisna, indiyo

3. *Kong Fu Tse, insík*
Confucius, latín at inglés
Confucio, kastilà

4. *Guglielmo,* italyano
Guillermo, kastilà
William, Graham, inglés
Wilhelm, alemán

5. *Josef,* ebreó
Josephus, latín
José, kastilà
Joseph, inglés at pransés
Giuseppo, Giuseppe, italyano

6. *Johanus,* latín
Jonas, ebreó
Juan, kastilà
John, inglés
Jean, pransés
Johanne, alemán
Jan, eskandinabo

7. *Diana,* griyego
Juana, kastilà
Joan, Jeannie, inglés
Johanna, alemán

At ibá't ibá pa.

Sa haráp ng ganyáng mga batás-wikà at kaugaliang panlahát, bakit kayâ tayo'y nagtátaká at mangánganí-nganíng magsulát namán ng—

Diyós, Kristo o Kiristo, Kompusyo o Kumpusyo, Gilyermo, Nosé o Nusé, Huwana, atb. —

ay sa itó ang talagá namáng bigkás natin at siyáng sulat na náaayon sa mga titik ng ating Abakada?

Kung hanggá ngayón ay hindî pa natin ginágawâ ang lúbusang pagbabago, ay hindî sapagká't walâ tayong katwirang bumago, kundî sapagká't hindî pa lamang natin minámabuti ang magpabiglá-biglâ, lalò na't ganitóng ang mga wikang kastilà at inglés na túwiran nating pinagháhanguan ng mga pangalan, ay siyá pa ring mga wikang pinag-áaralan at hináharì natin hanggán sa kasalukuyan.

At dahil ngâ sa tayo'y aral sa Kastilà at sa Ingles, at ang dalawáng wikang itó'y siyáng gamit sa mga kasalukuyan nating pagbabatás, pamamahalà, pag-aaral, pangangalakal, kabihasnán, pakikipagkapwà-bansá, at sa madlâ pang pangangailangan sa pamumuhay, pamamayan at pagpapakarunong, kayâ tungkól pilipinong may-pinag-aralan ay nakabábatíd at maykasanayán na sa pagbibigkás at pagsusulát ng mga salitá't pangalan, nang alinsunod sa palábigkasan at palátitikan ng nangásabing wikà. Subali't sa ating mga panariling pag-uúsapan at pagsusulatán, ay hindî tayo nagkakásala sa alín mang batás ng pámahalaán at sa alin mang kaugalian ng bihasáng daigdíg, kung ang iginágalang natin ay ang ating sariling Abakada, at ang binábagayan ay ang ating sariling dilà sa pagkuha at paggamit ng mga salitáng banyagang atin nang ináangkín.

Sa paksáng itó, na marami pang bagay na sukat masabi't maipaliwanag, ay magpápatuloy kamí sa mga lalò man lamang mahahalagáng súliranín.

PANALINGHAGAANG TAGALOG

LOPE K. SANTOS

168. *Hampás ng langit.*—Parusa ng Diyós. Salot sa pananím o sa anó mang kabuhayan. Masamáng sakít, o anó mang kapahamakáng dumárapò sa katawán o sa buhay ng tao, o ng isáng bayan, na ipinalálagáy na nakágawâ ng masamâ. Ang talinghaga'y nasakatuturán ng salitáng "hampás" at sa paniniwalang ang kapangyárihan ng Maykapál na nanínirahan sa kaitaasang tinátawag na "langit", ay hindî nagpápaumanhín ng anó mang masamáng gawâ ng tao sa ibabaw ng lupà, bagkús pinarúrusahan.

169. *Hanapbuhay.* — Gáwaing pinagkakákitaan ng ikabúbuhay. Pinápasukan. Pinagkakákitaan ng salapî. "Trabaho", "opisyo", "empleyó". Kung nápapangunahan ng salitáng "walâ" ay nangángahulugán ng "sisante", "hampás-lupà", "bagamundo"; tamád, batugan,, pálamunín. Ang diwà ng sáwikaíng itó ay nábabatay sa palagáy na ang ikabúbuhay ng tao ay kailangang hanapin, pagká't di-kusang dumáratíng o lumálapit sa kaniyá. Hindî ang "buhay" ang hináhanap kundî ang salapî ó himagál na máipanunustós sa buhay upáng itó'y tumagál at guminhawa, álalaóng bagá'y huwág mamatáy sa gutom sa di-pagkain o sa kawalán ng máibibilí ng pagkain.

170. *Hanap sa tubig.* — Salapî, aríarian, kabuhayan o kapalarang nátamó sa di-mabuting kapara-anán. Di-pinaghirapan; pulot. Panalunan sa sugál; pinagnakawan. Ang sáwikaíng itó ay kalahatì ng saláwikaíng "ang hanap sa tubig, sa tubig din mábabalík". May diwà, samakatwíd, na dipakíkinabangan nang matagál ang anó mang bagay na nákuha sa dimalinis na paraán, o di-pinagkapaguran ng nakákuha. Katulad ng asín, yelo at ibá pang kaurì, na yarì o namuô sa tubig, ay sa tubig din natútunaw.

171. *Hanggáng... sa líbingan; sa labì ng hukay; magkápantáy ang mga paá; sa tiyán ng lupà; sa kabiláng buhay.*—Halos nagkakáisá ang katuturán ng mga sáwikaíng itóng paraparang nagsísimulâ sa salitáng "hanggáng", málibán itóng hulí na may alamát pang pinagbábatayan. Ang ibig sabihin ng lahát ay hanggáng kamátayan, o sukdáng ikamatáy, o hanggáng sa pagkalagót ng hiningá. Karaniwang gamitin sa panunumpâ sa pag-ibig, sa pagpapatibay sa pagtupád ng isáng pangakò o panata, sa di-pagmamaliw sa isáng pinagkáugalían, o sa pag-iingat ng isáng bagay na dî bíbitiwan o pabábayaan hanggá't may buhay pa at lakás na máikapag-íingat o maikapagsásanggaláng. Ang kinásasaligang alamát ng hulí sa lahát na "hanggáng sa kabiláng buhay", ay ang pananampalatayang bukód sa buhay na itó sa ibabaw ng lupà, ay may isá

pang buhay o daigdíg na kálilipatan ng kálulwá ng tao, pagkamatáy.

172. *Hangin sa tuktók; may hangin sa tuktók, o sa ulo.*—Dimatinô; hambóg; sirâ ang baít, masintú-sintô, balíw. Mapagsalitâ ng waláng kawawaan; mapagpalalô sa di-kaya; mapaglakô ng kasinungalingan. Ang kahulugán ng "hangin sa tiyán" ay kabag, gutom. Kung sinásabing "ang hangin sa tiyán ay masamáng umakyát sa ulo", ay ibig sabihing ang gutom ay nakapagpápadilím ng isip, nakasísirà ng baít. Madalás din namáng ang salitáng "hangin" ay ginágamit sa kahulugáng "walâ". Halimbawa'y sa ganitóng ságutan: "Anó ang nábilí mo?" "Hangin!" O kayá'y: "Ang lamán ng kaniyáng bulsá ay hangin". Dahil sa ang "hangin" áy isáng bagay na di-nákikita at di-náhihipò, kayâ náitutulad sa "walâ".

173. *Harì ng samâ . . . , ng buti, ng gandá, ng pangit, ng baít, ng damot, ng yaman, ng dunong,* atb.—Itó ay isáng urì o anyô ng tinátawag sa Balarilang "pánukdulang antás" (superlative degree) ng pang-urì (adjective). Sa halíp ng salitáng "harî" ay naáarì rin namáng gamitin ang alín man sa mga salitâ ring "ulo", "ubod", "pisik", "labis", "sakdál", atb., na gayón din ang katuturán. Katumbás din namán ng mga pariralang masamáng-masamâ, kábutibutihan, pinakamagandá, pagkápangit-pangit, totoóng mabaít, lubháng maramot, waláng kasingyaman, waláng pangalawá sa dunong. atb. Ang talinghagà ay nasa-katuturán at diwà ng salitáng "harì", na dito'y hindî nangángahulugán ng taong makapangyarihang may-putong o korona, bilang kátaas-taasang punò ng isáng kaharián o bansá, kundî isáng tao o bagay na bálaná nguni't nangíngibabaw ang tagláy na mga katángian sá karamihan o sa lahát ng mga kaurì o kapwà.

174. *Harì ng máibigan.*—Lahát ng gustó'y ginágawâ; bawa't ibigin ay nasúsunód. Tungkól hilingín ay di-mapahindián. Lakí sa layaw. Dito hangò ang pakastilalóy na sáwikaín ding "amigo de su gusto". Ang talinghagà ay nasa-salitâ ring "harì", na ginágamit sa katuturáng kaloobang di-mabábalì, kapangyarihang di-masúsuwáy.

175. *Haságang-hasâ sa kalintikán; sa kapílyuhán, sa kadimónyohán, atb.*—Arál na arál o sanáy na sanáy sa isáng nagtúturò ng mgà di-mabuting gawì o asal. Mapagbirô ng mahahalay; mapaggawâ ng kaaliwaswasán. Batikáng mánunuksó, mánunudyó, mapagpatawá. Ang talinghaga'y nasa-katuturán ng salitáng "hasáng-hasâ", pánukdulang antás ng pang-uring "hasâ". Ang iták, sundáng, o ibá pang patalím ay inináhasà upáng tumalas at lalong tumaláb sa paggágamitan. Dito hangò at itinútulad ang isáng taong magalíng magbirô, manuksó at mapagpatawá, at kung minsan pa'y manggalit, sa pamamagitan ng mga kuwentong mahahalay, mga salitáng may-kalaswaán, o mga birong masasakít, bukód sa katawa-tawá.

176. *Hapín ng buhay.*—Bagtíng ng kabuhayan; tulong sa ikabúbuhay. Talì na may pain sa dulo upáng makáhuli ng isdâ sa pamimingwít. Ang talagáng katuturán ng "hapín" ay bagtíng o "kuwerdas" ng alpá, bigwela; pisì o sinulid na may tagâ at pain sa dulo, at ang isáng dulo'y nakatalì sa isáng patpát na mahabà o siít, na siyáng hináhawakan ng namímingwít ng isdâ. Dito hangò ang talinghagà ng sáwikaín.

177. *Hawak sa tainga.* — Daládalahang tao, o sunúd-suhuran saanmán ibig dalhín ng mayhawak. Waláng-kayang tumutol sa nagúútos o humáhamak sa kaniyà. Hindî nakapag-íisíp ng sarili, ni nakagágawâ ng ibig gawín, kundî sa utos, o ayon sa kalooban ng nakapangyáyari sa kaniyá. Kagaya ng isáng kuténg, na kung binibitbít natin sa tainga (sa isá o dalawáng tainga), ay di-makakuhang mangalmót kundî sukat áng mamaluktót sa pagkakábitin; ganyán din ang taong kinákapitan ng sáwikaíng "hawak sa tainga", na isáng patalinghagáng pananalitâ.

178. *Hiláw na sunóg.* — Gáwaing sa pagmamadalî ay hindî nayaring mabuti. Sinaing na sa kalakasán ng gatong ay nasunog nang di-lutò. Kásunduáng di-natapos, o nayarì nang di-tamà, dahil sa padalus-dalos na paghahandâ ng mga kailangan. Pagsisintahang bago lamang nagsísimulâ ay nagkasirâ na. Pagkukumparihan o kúmarihang hindî pa nagáganáp ang pag-aanák sa batà, ay lagapák na ang tawagán ng "kumpare" at "kumare." Ang talinghagà ay nasa-pagkakasálungatan ng mga salitáng "hiláw" at "sunóg".

179. *Himalâ ng gandá, ng dilág, atb.* — Di-karaniwang kagandahan; bibihiraing dilág. Kaipala'y hangò itó sa alamát ng waláng kasinggandáng Birheng Iná ni Hesús, na siyáng gumawâ ng himalâ o kababalaghán, upáng ang babaing kinákapitan ng ganyáng sáwikain, ay mátulad sa kaniyáng kagandahan o karilagán.

180. *Hináhabol na ng sabón; ng karayom o sinulid; ng guntíng.* — Kung "sabón", damít na maruming-marumí na sa katawán ng maysuót ang tinútukoy upáng málabhán. Kung "karayom" o "sinulid", ibig sabihin ay damít na punít-punít o pilás-pilás na kailangan nang tahiín. Kung "guntíng", ang tinútukoy ay mahabà nang totoó ang buhók na dapat nang magpagupít ang maykatawán o may-ulo. Ang talinghagà ay nasa mga salitáng "sabón", "karayom" o "sinulid" at "guntíng", na para bagáng ang mga bagay na itó ay may mga paáng makaháhabol. Paghabol ang gamit na salitâ, pagká't kailangang-kailangan na ang madalíng pagpapalabá, pagpapatahî o pagpapagupít.

181. *Hilóng talilong.*—Waláng málamang sulingan sa pagkalitó. Nagháhanáp na di-mákita saanmán ang hináhanap. Hindî magkantututo ng isásagót sa tanóng. Katulad ng isdáng "talilong" na pagkahuli, ay waláng katigil-tigil ng pagluluksó hanggáng mamatáy, ay ganitó rin ang taong kinákapitan ng sáwikaíng "hilóng talilong". (*Dúrugtungán*)

GRADED UNIT PLANS IN THE NATIONAL LANGUAGE

JOSEFINA R. SERION

Unit 6 — NATURE STUDY

A. Objectives

1. To develop simple language for use in making reports on observations made.
2. To develop an appreciation of rhymes and poems.
3. To develop the ability to write original compositions.
4. To develop the ability to put one's thoughts and feelings in the writing of descriptions.
5. To develop concept of adjectives as words used to modify names of persons, places, or things.

B. Procedure

Lesson 1—Study of Flowers

Bring to class different kinds of flowers such as: gumamela, sampaguita, rosal, rose, bandera española, etc. Let the children identify each one.

Say:

Nakíkílala ba ninyó ang mga bulaklák na itó?
Anu-anó ang kanilang pangalan?

Let them describe the flowers by asking the following questions:

Anó ang tawag sa bulaklák na itó?
Anó ang kulay nitó?
Mabangó ba ang bulaklák na itó?
Magandá ba ang bulaklák na itó

Ang bulaklák na itó ay nilálapitan ng mga bubuyog at paruparó kahit na hindî itó mabangó. Bakit? Anó sa palagáy ninyó ang nakatátawag ng pansín sa bulaklák na itó?

Ang bulaklák namáng itó (show another flower) ay putî at waláng magagandáng kulay na nakatátawag ng pansín. At maliít na maliít ang bulaklák na itó. Nguni't bakit itó nilálapitan din ng mga bubuyog at paruparó? Nálalaman ba ninyó na kayâ lamang dumáramí ang isáng urì ng halaman o bulaklák ay dahil sa paglapit-lapit ng mga bubuyog at paruparó? Kayâ kinákailangang akitin ng mga bulaklák ang mga bubuyog at paruparó.

Now ask them how each flower attracts the bees and the butterflies.

Say:

Anó ang pang-akit ng gumamela?
Anó ang pang-akit ng sampagita?

Anó ang pang-akit ng rosas?
Anó ang pang-akit ng bandera espanyola?

Let them select the flower that they like best. Have them write a short composition about this flower.

Say:

Alín ang bulaklák na pinakaíbig ninyó sa lahát? Bakit ninyó ibig itó?

Sumulat kayó ng isáng talatà tungkól sa bulaklák na itó.

Lesson 2—A Poem to Study

Akó'y Paruparó

Akó'y isáng uód na gágapáng-gapang
Sa tangkáy, sa dahon ng mga halaman;
Ang aking gáwai'y waláng kasinggaán:
Matulog, kumain, matulog na namán.
Ngayón akó'y baíd na bíbitín-bitin,
Laging nasa-loób ng balok na sapín;
Akó ay hindî man pakani't busugín;
Hindî nagúgutom, laging nahíhimbíng.
Waláng anu-anó, balok ay nagsikíp,
Akó'y nagpumiglás na mundó'y másilip;
Akó palá ngayó'y may pakpák na't bagwís.
At paruparó nang sa ligaya'y sabík.

Develop the vocabulary of the poem:

uod — worm
gágapáng-gapang — crawling
tangkáy — stem
kasinggaán — as easy as
baíd — puppa
bíbitín-bitin — hanging
balok — hard covering
nahíhimbíng — sleeping soundly
nagsikíp — became tight or too little
nagpumiglás — used effort in trying
másilip — to peep and see
bagwís — wing
paruparó — butterfly
ligaya — joy
sabík — anxious

Recite the poem to the children showing the pictures of the larvae, pupa, and adult of the butterfly. Recite the poem again and ask the following questions for comprehension of the poem:

Anó ang ayós ng paruparó kung itó ay maliít na maliít pa?

Anó ang gáwain nitó habang itó ay isáng uód pa lamang?

Pagkaraán ng pagiging anyóng uód, anó namán ang nagíging anyô nitó?

Sa ganitóng anyô ay anó namán ang kaniyáng mga gáwain?

Paano ang ginágawáng paglabás nitó sa balok?

Bakit sabík sa ligaya ang paruparó? ?

Recite the poem over and over again.

Then let the children recite the stanza or the part that they like best.

Lesson 3—Field Work

Take the children to the garden or to the yard. Let them look for some ant hills. As soon as they see one, tell them to stand close and observe the ant hill and the ants that go in and out of the ant hill.

Say:

Tingnán ninyóng mabuti ang mga langgám na lálabás at pápasok sa punsóng itó. Tayo ay magmámasid-masíd sa kaniláng mga gáwain.

Masdán ninyó ang mga langgám na yaón. Anó ang ginágawâ nilá?

Some possible answers may be:

Silá pô ay dumáratíng.
Silá pô ay lumálakad.
Silá pô ay nakahanay.

Say:

Ang mga langgám na yaón ay lumálakad ngâ sa isáng hanay. Silá ay hindî magugulô. Silá ay lumálakad na ay nakahanay pa.

Masdán ninyóng mabuti ang mga langgám. May dalá ba silá?

Possible answers are:

Opò, may dalá pô siláng mapuputíng bagay.

May dalá pô siláng pagkain.

Marahil pô ay dumí iyóng nasa-likód nilá.

Say:

May dalá ngâ siláng mapuputíng bagay. Maáaring iyón ay pagkain.

Alám ninyó, ang mga kawal na langgám ay siyáng mga tagapagtanggól ng mga langgám na nasa-loób ng punsó. Silá ang lumálaban sa mga langgám ng ibáng lahì. Kapág nanalo silá pagkatapos ng isáng labanán, ang mga pagkain ng mga kalaban nilá ay kaniláng dinádalá. Dinádalá rin nilá ang mga itlóg ng mga itó sa kaniláng punsó. Ang mga itlóg na itó kapág napisâ na ay ináalagaan ng mga langgám na tagapagalagà. At kapág ang mga itó ay nagsilakí na, silá ang siyáng magiging mga utusán. Naglílinis silá ng punsó at nag-áalagà ng mga itlóg na hindî pa napípisâ.

Saán paróroón ang mga langgám na iyón?

Possible answer is:

Paróroón pô silá sa loób ng punsó.

Some other ants might be seen coming out of the ant hill and some of the children might say:

Hayún pô ang ibá pang langgám.

Silá ay lumálabás sa punsó.

Say:

Tunay ngâ. Silá ay lumálabás sa punsó. Masdán ninyó silá sa kaniláng paglala-

kád. Anó ang másasabi ninyó sa kanilá?

Answer:

Silá pô ay nasa-isáng hanay rin.

Say:

Iyón ay tamà. Nasa-isáng hanay rin silá. Maáaring ang mga langgám na itó ay tagahanap ng pagkain. Maáarì rin namáng silá ay mga kawal na paróroón sa digmaan.

Ngayón ay bumalík na tayo sa ating silíd upáng maisulat ninyó kung anu-anó ang inyóng nákita sa inyóng pagmamasid-masíd.

Lesson 4 — Study of Adjectives

Have the children read this paragraph:

Isáng Tánawing Magandá

Ang mgá punong matataás ay tila nangagsásayáw sa tuwíng híhihip ang hanging malamíg. Ang mga dahong maliliít ay tila nakikipagbúlungan sa hangin. Ang mga nanínilaw na mga dahon ng palay ay tila mga along tumaás-bumabâ sa malawak na bukid. Sa itaás namán ang mangasúl-ngasúl na mga ulap ay tila nakíkipaghabulán sa mga putíng-putíng ulap. Kaygandá na tánawing iyón!

Underline all the abjectives in the paragraph. Let the children read the underlined words:

Say:

Basahin ninyó ang mga salitáng may salungguhit.

Ask them the following questions:

Sa unang pangungusap, anó ang urì ng mga punò? Anó ang urì ng hangin?

Sa ikalawáng pangungusap, anó ang urì ng mga dahon?

Sa ikatlóng pangungúsap, anó ang urì ng mga dahon ng palay? Anó ang urì ng bukid?

Alin-alín sa mga salitâ sa sumúsunód na pangungusap ang nagsásabi ng tungkól sa urì ng ulap?

Sa huling pangungusap, alín ang salitáng nagsásabi ng tungkól sa urì ng tánawin?

Ang mga salitáng itó: *matataás, malamíg, maliliít, nanínilaw, malawak, mangasulngasúl, putíng-putî,* at *kaygandá* ay tinatawag na pang-urì. Ang mga pang-urì ay mga salitáng nagsásabi ng urì ng isáng tao, bagay, lugál, o pangyayari.

Give some examples of adjectives such as:

marunong — wise, intelligent
matabâ — stout
maluwáng — wide
makisig — well-dressed
mabaít — good, kind
nakakatakot — fearful
duwág — coward

Let the children use these words in sentences:

Say:

Gamitin ninyó sa inyóng sariling pangungusap ang mga pang-uring itó.

Let them use also in original sentences the adjectives in the above paragraph.

(*Nasa-páhina* 80 *ang karugtóng*)

ANG BULA

BEN VILLA
U.S T. High School

Tandâ ko pa noóng akó ay malïít,
Sa paglalarô ko sa may tabíng-batis,
Isáng mahiwagang bulâ ang námasíd
Na lúlutang-lutang sa linaw ng tubig.

Sa kagálakan ko akó ay lumusong,
Balak ay salukin ang bulâ ng sabón,
Nguni't sa-híhihip ang hanging hinahon—
Bulâ ay naglahò sa nalikháng alon.

Nalúlungkót akóng umahong ang isip
Ay hindî matanggál sa buláng marikít,
Makaahon akó'y parang naulinig—
Buhay raw ng tao'y bulâ ang kawangis.

Itó ang gumuló sa aking ísipan:
Totoó ngâ yatà yaóng nápakinggán;
Sa buhay ng tao iyáng kamátayan,
Waláng abug-abog sa kanyáng pagdatál.

Talásalitaan:-

waláng abug- abog — sudden
lúlutang-lutang — floating
hinahon — gentle
mahiwagang bula — mysterious bubble
salukin — will catch, scoop
naglahò — disappeared
kawangis — similar

Mga tanóng:

1. Anó ang námasdán ng batà sa batis?
2. Náhuli ba niyá ang bulâ? Bakit?
v. Anó ang nárinig ng batà nang umahon?
4. Anó ang nangyáyari sa tao na tulad ng bulâ?

ULAN

B. DEL VALLE
Torres High School

Kung ikáw ay dumáratíng ay kayraming nagágalák,
Pagká't ikáw ay malaong ninasà rin at hinangád;
Ang halamang nangaluóy at nagtampóng mamulaklák,
Ngayó'y mulíng nanariwà sa paták mong malalakás.

Kung ikáw ay pumápaták ay kayraming nalúlungkót
Na nilaláng na ang nasà'y kasáyahang waláng lagót;
Hindî nilá nabábatíd na ang ulá'y nagháhandóg
Ng buhay at kalusugán sa halamang nangatuyót.

Sa mahirap itóng ulá'y katumbás ng gintó't pilak,
At hadláng sa mariwasáng ligaya ang laging hanap;
Nguni't ating natátalós na ang ulán ay marapat
Sa natigáng na bukiríng siyá lamang ang lúlunas.

Talásalitaan:

nangaluóy — withered
waláng lagót — endless
katumbás — equivalent
natigáng — dried
lúlunás — will cure
kalusugán — health
hadláng — bar, obstruction

Mga tanóng:

1. Sinó ang nagágalák sa paták ng ulán? Bakit?
2. Sinó ang nalúlungkót sa panahón ng tag-ulán? Bakit?
3. Anó ang katumbás ng ulán sa mahirap? Bakit?

PAGKA-MATAPATIN

EPIFANIA ALVÁREZ
Laoag, Ilocos Norte

Ang taong matapát ay ang may damdamin
Na dî nahíhibò ng hidwáng hángarin;
Yaóng kung mangako'y tapát hanggáng libíng,
Ang bawa't salitá'y hindî nagmámaliw.

Ang taong matapát at may karángalan,
Maingat sa puri at kanyáng pangalan,
Dî mo mábibilí, sapagká't ang yaman
Sa kanyá'y pangako't sumpáng binitiwan.

Ipagkátiwalà sa taong matapát
Ang buóng yaman mo at di máwawalát;
Pagka-matápati'y kabáng nakalapat
Na dî mabúbuksá't hindi matútungkáb.

Ang taong matapát sa sariling bayan
Ay handáng maghandóg ng dugô at buhay;
Kahit na masawí'y hindî bíbitiwan
At dî isusukò ang bandilang tangan.

Talásalitaan:

matapát — loyal
dî nahíhibò — cannot be flattered
hidwáng hángarin — devious desire
hindî nagmámaliw — does not disappear
karángalan — honor
kabán — chest
matútungkáb — to be opened forcibly

Mga tanóng:

1. Sino ang ipinalálagáy na taong matapát?
2. Bakit ang taong matapát ay may karángalan?
3. Maáarì bang pagkátiwalaan ang taong matapát?
4. Saan iniháhambíng ng maykathâ ang taong matápatin?
5. Hanggáng saán ipinakíkita ng taong matapát ang kaniyáng pagka-matapatin?

SI QUEZON AT ANG WIKANG PAMBANSA

V. G. SUAREZ

Mga Kaisipáng Hangò sa Kaniyáng mga Talumpatì sa Ibá't Ibáng Pagkakátaón

"Noóng araw na ang Pilipinas ay nasa-ilalim ng kapangyarihang banyagà na waláng katiyakán sa pagiging bansáng malayà, ang pagkakaroón ng násabing kapangyarihang dayo ay sapát na upáng mabuklód ang mga mámamayán at mapanatili ang kaisaháng-bansá. Subalí't mulâ nang maitatag ang Malasariling Pámahalaán, ang lakás na itó'y hunihinà at túluyan nang maglálahò hanggáng sa tayo ay magíng malayà. Samakatwíd, kinákailangang patibayin ang buklód ng tunay na kaisaháng-bansá, at sa aking palagáy ang tanging wikang nábabatay sa isá sa mga katutubong wikaín at ginágamit ng lahát ng mga mámamayán ang isá sa mga buklód na itó."

"Dináramdám ko ang pangyayaring akó'y inianák at lumakí sa silong ng langit ng Katagalugan. Itó'y isáng malakíng sagwíl sa aking pananalig na ang wikang tagalog ay dapat mapaggugulan ng lalong malakíng halagá at ng lalong maraming pagsisikap upáng sa lalong madalíng panahón ay mapalaganap at matutuhan ng lahát ng Pilipino.

"Ikinahíhiyâ ko sa akin na ring sarili, at lalò na sa mga tagaibáng bansá, ang palagì nang panghihirám natin ng ibáng wikà upáng makipag-usap sa kanilá, at upandíng magkáunawaan tayu-tayong magkakápuwâ-pilipino. Dátapwá't kung sa aking pagka-Pangulo ng Bansá ay gamitin ko ang lahát ng aking kapangyarihan sa kagálingan ng wikang tagalog, maáaring mapagsabihan tayong, mayapa't tagalog akó, ay wikang tagalog ang aking ipinagmámalasakit at pinag-úukulan ng kapangyarihan.

"Kung akô sana'y ilukano, o bisayà, o ibá pa, mákikita ninyó ang ubos-kaya kong pagsisikap sa bagay na iyán. sapagká't matibay na matibay ang aking paniniwalà na hindî malúlubós ang kalayaan, kasarinlán at kaisahán ng bansáng pilipino kung hindî magkákaroón ng isáng sariling wikang panlahát."

"Ang karamihan sa mga kahirapan at kapintasan dito ngayón ay dahil sa katotohanang tayo'y waláng isáng wikang pambansá. Ang pagnanais na matularan ang anumáng hindî katutubò, na hindî nálalaman kung ang ginágagád natin ay mabuti o masamâ ay dahil sa isáng kasamaán — ang kawalán ng tunay na pambansáng káluluwá. Ang isáng bansá ay

hindî mabúbuhay kung waláng tanging wikà. Hindî tayo magkákaroón ng dalisay na karángalang pambansá habang tayo ay waláng wikang sarili. Ang súliraníng pangwikà ay naging totoóng mahalagá na sa kasalukuyan ang isáng tanging wikà ang ginágamit na sagisag ng pagka-lahì at pagka-bansá."

Mga Batás at Kautusáng Tagapagpaganáp Ukol sa Wikang Pambansá

1. Batás Blg. 184 ng Malasariling Pámahalaán, Nobyembre 13, 1936, ukol sa pagtatatag ng Surián ng Wikang Pambansá at sa pagpapaliwanag sa mga kapangyarihan at tungkulin nitó.

2. Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 134, Disyembre 30, 1937, na nagpápahayag ng wikang pambansá ng Pilipinas na násasalig sa wikang Tagalog.

3. Batás Blg. 337 ng Malasariling Pámahalaán, Hunyo 18, 1938, upáng susugan ang Batás Blg. 184.

4. Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 263, Abril 1, 1940, na nagpápahintulot sa pagpapalimbág ng talátinigan at balarilà ng wikang pambansá at nagtátakdâ ng araw na ipagsísimulâ ng paggamit at pagtuturò ng tinurang wikà sa mga páaraláng-bayan at mga páaraláng pribado.

5. Batás Blg. 570 ng Malasariling Pámahalaán, Hunyo 7, 1940, na nagpápahayag na ang Wikang Pambansáng Pilipino ay wikáng pampámahalaán simulâ sa ika-4 ng Hulyo, 1946.

KARANGALANG:::

(*Karugtóng ng nasa-páhiná* 49)

Nápangitî ang iná. "Mainam! Iyóng tandaán na kahit gaano pang kalakí ang iyóng tamuhíng kahihiyán sa gágawín mong pagtatapát, ay hindî makatútumbás sa kahihiyán at kaapiháng tinamó ni Melba kahapon.

Sa salitáng itó ay lalong nabuhayan ng loób si Nenita, kayá't nagmámadalî at nasísiyahán ang sariling ibangon ang karángalan ni Melba.

Talásalitaan:

napatdá — glued
patunayan — prove
paniniwalà — belief
nakíkiramay — sympathizing
kaapihán — injustice
iginuhò — was destroyed; crumbled
makatútumbás — to equal

Mga tanóng:

1. May katwiran kayâ ang punong-gurò sa pagpapasiyá na kay Nenita ngâ ang pontimpén? Pangatuwiranan ang sagót.
2. Masísisi mo ba si Melba sa hindî niyá pagkápayag na tanungín ang kaniyáng iná? Bakit?
3. Kung paano nag-angkinan sa íisáng pontimpén si Melba at si Nenita ay hindî nábabanggít sa kuwentong itó. Malagyán mo kayâ ng unang bahagi ang kuwentong itó? Iyóng isulat kung paano silá nag-away at nagkásundó?

SA TINDAHAN...

(*Karugtóng ng nasa-páhiná* 64)

Tandáng Sora: Bákit pô?

Ikalawáng Kawal: Ang mga napagbíbintangáng nagbíbigáy ng saklolo sa mga Katipunero ay pinarúrusahan.

Tandáng Sora: Anó pô ang parusa?

Ikalawáng Kawal: Pinaáalís sa Pilipinas. Pinalálayas. Ipinatátapon sa malalayong pulô.

Tandáng Sora: Sáan pô dinádalá?

Ikalawáng Kawal: May nakapagsabi sa aking ang pinagtátapunan daw ng mga salarín ay Guwám o Maryanas.

Unang Kawal: (Sa kasama) Tila tayo'y nabábalam. (Kay Tandáng Sora) Sumama ka na samin.

Tandáng Sora: Bakit pô?

Unang Kawal: Sa tanggapan ng aming punò málalaman mo ang kaságutan.

(Aalís ang tatló)

Talásalitaan:

nákapinid — closed
nag-inút-inót — try to walk little by little
ipagtawíd-gutom — to appease one's hunger
sagisag — fictitious name
nangángambá — afraid
sísiyasatin, úusigin — will be investigated
pagdamutan — to receive willingly
pagbíbintangán — to be suspected
nagsipag-alsá — revolted
saklolo — aid

Mga tanóng:

1. Bakit matúturang bayani si Tandáng Sora?
2. Sino ang mga tinulungan ni Tandáng Sora? Bakit?
3. Sa papaanong paraán nakapagbigáy siyá ng tulong sa mga Katipunero?
4. Anóng damdamin ang iyóng mádaramá kung ikáw ay títigil sa tindahan ni Tandáng Sora?
6. Anó ang ipinarusa sa kaniyá?

GRADED UNIT...

(*Karugtóng ng nasa-páhiná* 74)

Lesson 5 — Writing Compositions

Take the children out to the open field. Lead them to observe the scene. Ask them the following questions:

Anó ang una ninyóng nápansín sa tánawing itó? Anuanó ang inyóng nakíkita?

Let them describe the things that they see. Then take them back to the classroom. Write on the board some words which might be of help to the children in describing the scene. Then ask them to write a short composition about it.

Say:

Ngayón ay tingnán natin kung kayó ay makagágawâ ng isáng pasulát na paglalarawan sa tánawing nákita ninyó. Gumamit kayó ng mga pang-uring nararapat gamitin.

MISSING

PAGE/PAGES